DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

# Lundayan: Sipat-Suri sa Integratibong Pagdulog sa Pagtataya ng Performance Tasks sa Asignaturang Filipino

Anjenette V. Tubiano
Lanton High School - General Santos City Division
anjenette.tubiano@deped.gov.ph

Petsa ng Pagsumite:
**Marso 18, 2026**

Petsa ng Pagtanggap:
**Abril 21, 2026**

Petsa ng Paglathala:
**Mayo 15, 2026**

DOI:
**10.5281/zenodo.20199454**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglayong masuri ang mga pamamaraan ng paggamit ng mga guro ng integratibong dulog sa pagtataya ng performance tasks at matukoy ang kanilang pananaw hinggil sa kahalagahan ng nasabing pagdulog. Gamit ang kwalitatibong penomenolohikal na pananaliksik, isinagawa ang pag-aaral sa Lanton High School na nilahukan ng limang guro sa Filipino. Ginamit ang total enumeration sampling technique sa pagpili ng mga kalahok. Ginamit ang tiglilimang banghay-aralin ng mga guro at interview guide sa isinagawang panayam. Sa pamamagitan ng thematic analysis at dokumentaryong pagsusuri ng mga nalikom na datos, natuklasang ang integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ay ginamit ng mga guro mula sa pagtataya ng dating kaalaman, paghahabi ng layunin, pagtataya sa kasalukuyang nalilinang na konsepto, pagtataya sa bagong konseptong natutuhan at pagtaya sa karagdagang gawain at kahandaan sa kasunod na aralin. Sa pananaw ng mga guro sa halaga ng Integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task, nabuo ang mga temang nakakukuha ito ng interes, nakalilinang ng iba't ibang kasanayan, at nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Samakatuwid, inirekomenda sa pag-aaral, na ang mga namumuno sa paaralan ay magpatuloy sa paggabay sa mga guro sa hangaring mapaunlad ang kakayahan at kasanayan sa mga kalikasan ng mga dulog at pamamaraan sa pagtuturo.

**Mga Susing Salita**: pamamaraan, pananaw, integratibong pagdulog, pagtataya sa performance task

## INTRODUKSIYON

### Kaligiran ng Pag-aaral

Ang **integratibong pagdulog sa pagtataya** ay isang makabagong pamamaraan na naglalayong pagsama-samahin ang iba't ibang disiplina, kasanayan, at kaalaman upang makabuo ng mas malawak at makabuluhang pagsusuri sa pagkatuto ng mag-aaral. Sa halip na suriin ang bawat aspekto ng pagkatuto nang hiwalay, ang integratibong pagdulog ay nagbibigay-diin sa koneksyon ng mga konsepto mula sa iba't ibang larangan, na tumutulong sa mag-aaral na makita ang mas malawak na konteksto ng kanilang natututuhan. Ang pamamaraang ito ay hindi lamang nagsusuri ng akademikong kaalaman, kundi pati na rin ang kakayahan ng mag-aaral na mag-isip nang kritikal, maglapat ng kaalaman sa praktikal na paraan, at tumugon sa mga hamon ng tunay na buhay. Sa ganitong paraan, nagiging mas inklusibo, makatarungan, at holistiko ang proseso ng pagtataya, na tumutulong sa paghubog ng mga handang makibahagi sa masalimuot na hamon ng makabagong lipunan.

Ang pagtataya ay isang mahalagang bahagi sa proseso ng pagkatuto. Sa pamamagitan nito, natutukoy kung ang mga layuning pampagkatuto ay nakamit ng mga mag-aaral. May malaking epekto ito sa edukasyon lalo na sa sistema ng akademikong pagganap, kurikulum, at instruksyonal na pagpaplano (Spanella, 2021).

Sa konteksto ng bagong sistema ng edukasyon sa bansa ayon sa K-12 na kurikulum, lubhang pinahahalagahan ang pagtataya ng pagkatuto sa bahagdan ng markang ibinibigay ng guro sa bawat mag-aaral. Isang palaisipan sa marami ang pagbibigay ng 60% sa gawaing pagganap o mas kilala bilang *performance task* ng bawat asignatura (DepEd Order No. 42, s, 2016). Dahil ito ay isang tiyak na pangangailangan sa pagtatapos ng bawat markahan, nagiging karaniwang daing hindi lamang ng mga mag-aaral, kundi ng mga magulang at guro rin ang ramdam nilang kabigatan ng mga gawaing pagganap na sabay-sabay na isinasagawa ng mga mag-aaral at kani-kaniyang ibinibigay ng mga guro sa bawat asignatura.

Bunsod nito, iminumungkahi kong magsagawa ng isang pag-aaral na may layong matuklasan kung papaanong inilalapat ang integratibong pagdulog at matukoy ang pananaw ng mga guro sa paggamit nito sa pagtataya ng *performance task.* Bagamat minsan nang itinangka ng DepEd na isulong ang paggamit ng integratibong gawaing pagganap, walang mapanghahawakang patunay na ito ay dininig at inilapat ng mga guro sapagkat nagkakaiba ang antas ng pagpapahalaga para rito. Samakatuwid, itinuring na mungkahing solusyon ang paggamit ng pagdulog na ito upang makapag-ambag ng suhestiyon tungo sa mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral at pagbibigay-lunas sa mabigat na pasaning pangangailangang akademiko na ramdam maging ng mga guro at ng mga magulang.

## Layunin ng Pag-aaral

Nilayon ko sa pag-aaral na ito na masuri at maunawaan ang mga paraan sa paggamit ng integratibong pagdulog at ang pananaw ng mga guro sa Filipino sa kahalagahan nito sa pagtataya ng performance tasks sa Lanton High School para sa Unang Markahan ng Taong Panuruan 2023-2024.

Ang pagtuklas sa mga kaparaanan kung paanong inilalapat ng mga guro ang integratibong pagdulog ay mahalaga sa pagtukoy sa kahalagahan nito sa paghubog ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng epektibong pagtataya. Sinuri ang mga banghay-aralin ng mga guro at sila ay kinapanayam upang lubos na maunawaan maging ang kanilang pananaw at ang indibidwal na karanasan sa paggamit ng nasabing pagdulog.

## Katanungan sa Pananaliksik

Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang paggamit ng integratibong pagdulog sa mga performance task ng mga mag-aaral sa ilalim ng asignaturang Filipino sa Lanton High School para sa Unang Markahan ng Taong Panuruan 2023-2024.

Nilayon kong matugunan ang sumusunod na katanungan:

1. Paano ginagamit ng mga guro sa Filipino ang integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task?
2. Ano ang pananaw ng mga guro sa Filipino ukol sa kahalagahan ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task?

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Nilayon ko sa pag-aaral na ito na makapagbigay-ambag at makapagmungkahi ng epektibong paraan ng pagtataya upang mas mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang mga sumusunod ay maaaring makinabang sa kasalukuyang pag-aaral:

Maaaring makinabang sa pag-aaral na ito ang **Department of Education** sapagkat maaari nila itong maging batayang ito upang mapaigting pa ang paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtuturo at pagtataya ng mga guro.

Maaari ding maging pakinabang ang pag-aaral na ito sa pamunuan ng **Holy Trinity College of General Santos City** kung saan kasalukuyan akong nag-aaral. Ang resulta ng pag-aaral ay isang patunay ng pananagumpay ng kolehiyo na maitaguyod ang pananaliksik upang makalinang ng mga kasanayang inaasahang matamo sa bawat mag-aaral. Magiging gabay rin nila ang pag-aaral na ito sa mga programa at mga pagsasanay sa mga guro kaugnay ng mga pedagohiya sa pagtuturo.

Maaaring gamiting batayan ng mga **tagapamuno ng mga paaralan** ang mga suhestiyon ng pananaliksik hinggil sa epektibong pagtataya at pagtiyak na ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pagkatuto sa pamamagitan ng mga kaparaanang akma at mas nakabubuti.

Maaari ding makinabang sa pag-aaral na ito ang **mga mag-aaral** na itinuturing na pinakasentro ng proseso ng pagtuturo, ang pangangailangang pampagkatuto ng mga mag-aaral ay matugunan sa pamamagitan ng pagsulong ng isang inobatibong paraan ng pagtataya gamit ang mungkahing gawaing pagganap.

Magsisilbing gabay ng **mga guro** ang mabubuong mungkahi ng pananaliksik tungo sa paggamit ng epektibong materyal at metodo sa pagtataya ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino at iba pang asignatura.

Kaisa sa hangaring mabigyan ng de-kalidad na pagkatuto ang mga mag-aaral, ang **mga magulang** ay maaaring makinabang din sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapaunawa sa kahalagahan ng mga pagtataya tulad ng mga gawaing pagganap na ipinalalagay bilang isa sa mga balakid at malaking pasanin ng mga estudyante at maging ng kanilang mga magulang.

Maaaring pakinabangan din ito sa **mananaliksik** dahil sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay nakakapagpalalim ng pag-unawa sa kaniyang napiling paksa. Ito ay nagbibigay ng mas malinaw na perspektibo at mas malalim na diskusyon ukol sa kaniyang layunin.

Para sa **iba pang mananaliksik at mananaliksik sa hinaharap**, ang mga natuklasan ng pananaliksik ay maaaring magsilbing dagdag na literatura at batayan para sa mga susunod pang pag-aaral hinggil sa pagtataya at pagkatuto sa asignaturang Filipino gamit ang integratibong pagdulog.

**Saklaw at Delimitasyon**

Nakatuon lamang ang aking pananaliksik sa pagtukoy sa mga paraan ng paggamit ng integratibong pagdulog at pananaw ng mga guro sa kahalagahan nito sa pagtataya ng performance task ng asignaturang Filipino sa Lanton High School na matatagpuan sa Purok 5 Lanton, Brgy. Apopong, General Santos City para sa Taong Panuruan 2023-2024. Sangkot sa pag-aaral ang mga guro sa Filipino na kasalukuyang nagtuturo ng nasabing asignatura sa mga baitang sa mataas na paaralan. Kabilang sa mga sinuri ang kinalabasan ng mga isinagawang interbyu at dokumentaryong pagsusuri ng mga banghay-aralin na

naglalarawan ng paglalapat ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance tasks. Ang mga hindi nabanggit ay hindi na saklaw sa pag-aaral.

**Banghay ng Pag-aaral**

Iminumungkahi nina Cresswell at Creswell (2007) na bigyang-halaga sa isang kwalitatibong pag-aaral ang kaayusan ng balangkas upang mas madaling maunawaan. Sa pamamagitan ng malinaw na balangkas, nagkakaroon ng lohikal na daloy ang presentasyon ng datos, mas madaling masusundan ng mambabasa ang mga ideya, at naipapakita ang koneksyon ng bawat bahagi ng pag-aaral.

Ang maayos na balangkas ay nagsisilbing gabay hindi lamang sa mananaliksik kundi pati na rin sa mga mambabasang nagnanais maunawaan ang lalim at lawak ng isinasagawang pananaliksik. Dagdag pa rito, ang kaayusan ng estruktura ay nakatutulong sa pagbibigay-linaw sa interpretasyon ng mga karanasan at pananaw ng mga kalahok, na siyang sentro ng isang kwalitatibong pag-aaral. Sa gayon, ang sistematikong presentasyon ng bawat bahagi ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at pagninilay ng mambabasa. Sa kontekstong ito, ang balangkas ay hindi lamang teknikal na bahagi kundi isa ring mahalagang elemento sa pagbubuo ng makabuluhang naratibo.

**Sa Kabanata I**, isinapuso ko ang paglalahad ng *kaligiran at layunin ng pag-aaral*. Dito ko ibinahagi ang suliraning aking nasaksihan at naging inspirasyon upang isulong ang pananaliksik na ito. Inilahad ko ang aking pananaw ukol sa nasabing suliranin, kasama ang mga legal na batayan at ang malinaw na layunin ng pag-aaral. Inisa-isa ko rin ang mga katanungang naging gabay ko sa buong proseso ng pananaliksik, gayundin ang kahalagahan, saklaw at limitasyon ng pag-aaral. Sa bahaging ito rin inilatag ang kabuuang daloy ng pananaliksik.

Sa **Kabanata II**, masusi kong pinagsama-sama ang mga ideya, konsepto, at pag-aaral ng mga naunang mananaliksik na tumatalakay sa pagtataya, gawaing pagganap, at sa integratibong pagdulog. Sa bahaging ito, ibinahagi ko kung paanong ang integratibong pagdulog ay maaaring magbigay saysay at lalim sa pagtataya ng performance task. Sa pagtatapos ng kabanata, inilatag ko ang teoretikal na lente na naging gabay sa aking pagtanaw sa paksa, isinapuso ang research gap, at binigyang-liwanag ang mahahalagang termino upang higit na maunawaan ang direksyon ng pag-aaral.

Tampok naman sa **Kabanata III** ang isang masinsing paglalahad ng *metodolohiyang* ginamit ko. Dito ko ikinuwento ang bawat hakbang mula sa disenyo ng pag-aaral, aking tungkulin bilang mananaliksik, lokal ng pag-aaral, hanggang sa maselang proseso ng pagpili ng mga kalahok. Ipinakita ko rin kung paano ako nangalap ng datos, paano ko ito inanalisa, at kung paano ko sinigurong tapat at etikal ang buong proseso. Ang bawat desisyon ay bunga ng maingat na pagninilay at layuning mapanatili ang integridad ng pananaliksik.

Sa **Kabanata IV**, inilatag ko ang mga kwento ng aking mga kalahok na nagbigay-liwanag sa tunay na halaga ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance tasks. Dito ko isinama ang mga natuklasan mula sa mga pakikipanayam at pagsusuri ng mga banghay-aralin ng mga guro. Bawat tugon, bawat pahayag, ay may bigat at lalim na nagpapakita ng damdamin, karanasan, at paniniwala ng mga guro sa kanilang ginagawa.

Para sa **Kabanata V**, nagsilbing pagninilay ang bawat talata. Dito ko pinagsama-sama ang lahat ng natuklasan at sinuri ito sa lente ng aking karanasan bilang mananaliksik at guro. Inilahad ko ang mga implikasyon ng pag-aaral sa kasalukuyang praktis sa edukasyon, mga mungkahi para sa mga susunod na pag-aaral, at ang aking taos-pusong rekomendasyon. Sa huli, ibinahagi ko ang aking pangwakas na

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
**ISSN:3116-4692**

pagtanaw na nagsasalaysay ng isang pasasalamat, isang pag-asa, at isang panibagong panimula para sa mas makabuluhang pagtataya sa edukasyon.

## REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga kaugnay na literatura na nagsilbing batayan ng mga konsepto at pagsusuring saklaw ng pag-aaral na ito. Inilalahad din ang naging teoretikal lens ng pag-aaral na siyang sandigan at pinaghanguan ng isinagawang pag-aaral.

### Ang Integratibong Pagdulog sa Pagtataya ng Performance Task

Humaharap sa maraming pagbabago at pag-unlad ang sistema ng edukasyon sa global at nasyonal na konteksto. Bunga nito, maraming bagay ang dapat isaalang-alang sa pagpapatupad ng kurikulum kaugnay ng pangangailangan ng mga mag-aaral. Isa na rito ang mga inobatibong estratehiya sa pagbibigay-daloy sa pagkatuto at proseso ng pagtuturo.

Ayon kay Malau-Aduli (2020), ang pagtataya ay isang proseso ng pagtukoy sa antas ng performance at ng natutuhan ng mga mag-aaral batay sa nakuhang impormasyon sa ginawang pagsubok. Saklaw ng pagsubok na ito ang iba't ibang gawaing sumusukat ng kaalaman at kasanayang nalinang sa mga mag-aaral matapos maisagawa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagtataya, nabibigyan ng gabay ang gurong magtuturo kung nararapat ba siyang magturo uli o kaya ay magpatuloy sa kasunod na aralin.

Pangunahing layunin sa pagtuturo ng wikang Filipino ang mahasa ang mga makrong kasanayan na kinabibilangan ng pagbasa, pagsulat, pagsasalita at pakikinig. Puno't dulo ng lahat ang pangangailangang matutuhan ang Filipino bilang isang wikang may sariling kakanyahan upang magamit ito sa pagkatuto ng iba pang asignatura na itinuturo sa Filipino at magiging tulay din ito sa pagkatuto ng Ingles na pangalawang wika ng mga mag-aaral. Bilang wika ng bayan, mahalagang malinang sa mag-aaral ang kakayahang pangwika na magagamit nila sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay kung saan sangkot ang iba't ibang disiplina gaya na lamang ng Social Science, Science, Mathematics, Physical Education a h (Fabian, 2022).

Sabi nga ni Felonia (2021), ang pagtuturo ay isang sining dahil sa pagiging malikhain ng mga guro sa kanilang pagtuturo upang makuha ang interes o kawilihan ng mga mag-aaral na matuto lalo. Katulad ng isang pintor, manlililok o mananayaw, ang guro ay nakapagbabahagi ng kaniyang kaalaman batay sa mga bahagi ng sulating nais na maituro sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng masining na paraan. Nagiging mas epektibo ang estratehiya at kagamitang pampagtuturo kapag isinasaalang-alang ang pagpili ng gagamiting pamamaraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral. Kapag nabigyan ng kaukulang atensyon ay mapadadali at mapagagaan ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral at maaaring maging tulay upang mas maging mabisa ang estratehiya na ginagamit ng isang guro.

Sa pahayag naman ni Cabigao (2021), ang mga gawaing pampagkatuto ay dapat na ipinapagawa ng guro nang may kasiyahan sapagkat ang pagiging masaya sa klase ay magbubunga ng ibayong kahusayan sa pagtuturo. Ang bawat mag-aaral sa silid-aralan ay may kanya-kanyang hilig, interes at antas ng kakayahan. Ang kanilang indibidwal na pagkakaiba ay nararapat mabatid ng guro upang alam niya kung paano turuan ang mga mag-aaral nang naaayon sa kanilang pangangailangan.

Ang pagtataya ay maituturing na mahalagang yugto sa pagsisimula at pagtatapos ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, natutukoy ng guro ang kahandaan at layo ng kaalamang nakamit at kakayahang natutuhan sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Kabilang sa mga inobatibong paraan ng pagtataya ang

integratibong pagdulog sa pagtatalaga ng mga performance task para sa asignaturang Filipino (Mosqueda, 2020).

Isang inobatibong paraan sa pagpaplano at pagtatalaga ng mga gawaing pampagkatuto ang paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtataya. Ito ay nauugnay sa *multidisciplinary* na pagdulog sa pagkatuto na kung saan ang iba't ibang larangan at nagkakaibang perspektibo sa paglalarawan ng isang paksa, tema o isyu. Sa pagtataya, ang pagdulog na ito ay nagtatakda ng mga gawaing pagganap upang maipamalas ng mga mag-aaral ang mga layuning pampagkatuto sa higit na isang asignatura lamang. Ayon kay Cabigao (2021), may tatluhang-ugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa pagtataya. Binanggit niya na upang maging epektibo sa pagtataya, mahalaga ang ugnayan ng (a) pagsunod sa minimum health standards, (b) alternative learning delivery modalities, at (c) learning resources. Nakaaapekto rin sa mabisang pagtataya ang ugnayang DepEd Vision-Mission-Core Values, gayundin ang ugnayang Paaralan-Tahanan-Pamayanan, at ang ugnayan ng tatlong anyo ng pagtataya, ang Assessment. Kung maayos ang ugnayan ng mga naturang salik, nakatitiyak na ang mga mag-aaral, bilang sentro sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, ay lubos na matututo at makikinabang nang husto

Sa *multidisciplinary* na kurikulum, ang mga mag-aaral ay dapat na pinag-aaralan ang isang paksa mula sa iba't ibang pagtanaw nang higit sa iisang disiplina at binibigyang-solusyon gamit ang iba't ibang pagdulog (Klaassen, 2020). Ang pagdulog na ito sa pagtuturo ay napatutunayang maaaring ilapat sa pagtuturo sa sarili na kung saan ang mga mag-aaral ay nagagabayan sa pagtukoy sa mga pinagmulan ng impormasyon na maaaring gamitin sa pagsisiyasat at pag-unawa sa mga prinsipyo. Makatutulong din umano itong malinang ang mga praktikal na kakayahan ng mga mag-aaral na makabuo ng solusyon na may mataas na kaakmaan. Ipinakikilala rin nito ang kasanayan sa pagbibigay-lunas sa suliranin at pagtukoy sa kaugnayan ng mga nagkakaibang akademikong disiplina.

Sa integratibong pagdulog, ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataon na maipamalas kung paanong napagsasanib nila ang dating kaalaman at karanasan upang masuportahan ang bagong kaalaman at karanasan. Ang konsepto sa likod ng integratibong pagkatuto ay napangangatawanan ng mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto, at nagiging kritikal sa pagtukoy sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga disiplina, upang magamit sa mga suliranin sa totoong buhay.

Maraming mungkahing paraan ng pagtataya. Ayon kay Javier (2021), maaari nating gamitin ang *routines* ng pagpapalabas ng kanilang *visible thinking* upang masiguro natin na may natutuhan ang ating mga mag-aaral. Nilalayon nito na gawing malaya ang mag-aaral sa pagbahagi ng kanilang mga natutuhan at mga ideya sa makabuluhang paraan. Maari rin nating gamitin ang SURI questioning model: Sinasabi (tungkol sa teksto), Ugnay (sa sarili o sa teksto), Realidad (lipunan), (nabuo) Ideya. Gumagamit din ako ng rubriks o pamantayan para sa kanilang mga aktibidad. Dapat na maipakita natin na malinaw at mahusay ang pagkabuo na rubriks para ito na mismo ang magpaliwanag para sa iyo at kailangan din na naglalaman ito ng mga mahahalagang kasanayan, upang makatulong sa konsistent na pagmamarka, at lalo na para sa ating mga mag-aaral at mga guro na mapabuti ang kalidad ng ating mga pagtataya, ganoon na rin sa kanilang pagkatuto. Mahalaga rin na may alam tayo sa mga aplikasyon sa ating mga cellphone na magagamit natin sa ating klase gaya ng Kahoot! Google forms, at Quizlet. Sinisikap ng mga guro na makasabay sa kahingian ng mundo ngayon at upang mas maging makabuluhan ang pag-aaral ng mga mag-aaral kahit na sa kanya-kanyang tahanan.

Sa pag-aaral ni Felonia (2021), nilayon niyang matukoy ang kakayahan ng mga guro na ituro ang iba't ibang kasanayan at kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Natuklasan niya na mga pamaaraan ang lundayan ng sulatin upang malinang ang kaalaman ng mga mag-aaral at kung paano magiging susi sa kanilang pag-unlad. Masasalamin din ang iba't ibang lebel ng pag-unawa sa mga salitang

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

nakalimbag sa sulatin na maaring maging daan upang higit na pahalagahan ng kabataan o ng mga mag-aaral ang pag-aaral.

Ayon naman sa kinalabasan ng pag-aaral nina Uluçınar at Dinc (2021), napag-alamang ang mga awtentikong gawaing pagganap ay nakatutulong sa paglinang ng propesyonal na pag-unlad ng mga mag-aaral, pagbubuo ng kanilang kasanayan kaugnay ng tiwala sa sarili, komunikasyon, *self-efficacy,* interaksyon, at paggamit ng teknolohiya. Dagdag pa nila, ang mga gawaing pagganap na nakalilibang, inobatibo, nakagaganyak at impormatibo ay nakapagdadala ng makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral.

Napatunayan din ni Albay at Esima (2021) na ang paggamit ng gawaing pagganap bilang pagtataya, tampok ang prosesong *design thinking* ay may makabuluhang epekto sa mataas na *mean score* ng mga mag-aaral. Naging kongklusyon ng kanilang pag-aaral na ang implementasyon ng prosesong *design thinking* ay makatutulong sa pagbibigay-daloy ng mga guro sa pagkakaroon ng isang malikhain, interaktibo, aktibo at *learner-centered* na silid-aralan.

Siniyasat naman nina Brinke at Kester (2020) ang epekto ng paggamit ng *integrative performance-based* na pagtataya sa *self-efficacy,* kakayahang magdesisyon at magbigay-solusyon sa suliranin sa konteksto ng pagkatuto sa asignaturang Science. Napatunayan nilang may makabuluhang epekto ang paggamit ng ganitong uri ng pagtataya sa pag-iisip, damdamin at asal ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Mas nagaganyak umano ang mga mag-aaral na ilapat ang siyentipikong proseso sa pagmumungkahi ng mga solusyon sa mga kasalukuyang suliranin.

**Halaga ng Integratibong Pagdulog sa Pagtataya ng Performance Task**

Ayon kay Adom et al. (2020) mahalaga at makabuluhan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto gayundin sa pagtataya ng performance task ang paggamit ng integratibong pagdulog sa kadahilanang inilalahad nito ang mga konseptong pinagsanib at pinag-ugnay upang mas mapalawak at mapalalim pa ang pag-unawa sa mga araling sumasaklaw sa iba-ibang larangan o disiplina. Bukod pa rito, mabiyan ng oprtunidad ang mga mag-aaral na makita at maintindihan ang kabuoag larawan ng mga paksa at higit na maunawaan ang kaugayan ng mga ito para sa pagtamo ng pangkalahatang kaalamang magagamit nila sa pang-araw-araw na karanasan sa buhay.

Ipinahayag din ni Marollano (2021) na ang paggamit ng interaktibong pagdulog sa mga gawaing pagganap sa klase ay lubhang kapaki-pakinabang sapagkat ang mga mag-aaral ay may pagkakataon na galugarin ang iba't ibang kaalaman na siyang maglulundo sa paglinang ng mga kasanayang magagamit nila sa bawat hamon ng buhay.

Sa pahayag nina Adom et al. (2020), makabuluhan ang paggamit ng interatibong pagdulog sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ito ang lapit sa pagtuturo kung saan maituturing itong makatotohanan at may malaking kaugnayan sa mga pang-araw-araw na suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa buhay. Sa pagharap ng mga mag-aaral ng suliranin, nangangailangan ito ng kanilang kasanayan at kakayahang makabuo ng solusyon. Ang mga pinagsanib na disiplina sa mga integratibog pagdulog ay may integral na bahagi upang malinang ang kanilang katauhang mental, pisikal, emosyonal, sosyal at moral na siya namang pangunahing pagangailangan sa paghubog ng bawat mag-aaral.

Sinabi rin ni Birenbaum (2022) ang pagtuturong integratibo ay nakatutulong upang maiwasan ang paulit-ulit na proseso ng pagtuturo sa kurikulum na pinaghihiwalay ng iba-ibang mga asignatura. Isang paraan din ito upang makatipid ng oras at panahon sa pagtuturo at pag-aaral gayundin ang pagkabagot sanhi ng magkakatulad at magkakaugnay na konseptong pinaglalaanan din ng hiwa-hiwalay na oras. Dagdag pa

niya, ang integratibong kurikulum ay kapaki-pakinabang upang makatipid na lakas at ekonomikal na aspekto.

Kaugnay nito ang pahayag ni Grant at Thompson (2020) na ang integratibong pagdulog sa pagtuturo at pagkatuto ay nagpapakita ng katangian ng mga mag-aaral pagdating sa sikolohiya at edukasyonal na pag-unlad. Ang kaalaman at kahandaan ng mga mag-aaral ay representasyon sa kung paano sila naisalang sa iba't ibang uri ng dunong na ibinibigay sa kanila ng kanilang mga guro. Sa madaling salita, ipinahihiwatig ng kaalaman at kasanayang natamo ng mga mag-aaral ang uri ng pundasyong kanilang kinabibilangan. Bukod pa rito, binigyang-diin din nina Grant na ang paggamit ng integratibong pagdulog ay makatulong sa mga guro sa kanilang propesyonal at siyentipikong pag-unlad. Higit na nakikilala ng mga guro ang kanilang mga sariling pangangailangan kung paano nila mapalawak ang kanilang kaalaman na siyang pangunahing pangangailangan upang sila ay makapagturo rin ng mabisa sa mga mag-aaral na nangangailangan din ng mayaman at malawak na karunungan. Ang pag-uugnay at pagsasanib ng mga paksa sa mga kasanayan pampamumuhay gaya ng papel na ginagampanan ng matematika sa buhay, ang gampanin ng siyensiya sa pagharap ng mga kahirapan at pagsubok, at marami pang iba.

Ayon naman kay Gibson (2023) kinakailangang magkaisa ang mga guro, mag-aaral, at mga magulang. Ang pagtataya sa natutuhan ng mga mag-aaral ay indikasyon ng uri at kalidad ng edukasyon na ibinibigay sa kanila. Kaya, ang pagtataya ay nangangailangan ng garantiya na ito ay may kalidad sa pamamagitan ng mahusay na pamatnubay at superbisyon sa natutuhan ng mga mag-aaral. Pangunahing tungkulin ng pagtataya ang makakuha ng datos ng natutuhan ng mga mag-aaral sa tulong ng balido at matibay na kagamitang pampagtataya. Kung kaya't mahalagang maging taglay ng isang guro ang kalikasan sa mga teknik ng pagtataya upang matiyak ang pagtamo ng mga mithiin sa pagkatuto.

Sa kabilang dako, sa pahayag ni Phothongsunan (2020), upang mapanatili ang kalidad ng proseso ng pagkatuto, mahalagang matiyak ang mga hakbang ng mga gawain sa pamamagitan ng mga gampaning nagtataya ng kanilang performans. Ang resulta ng mga pagtataya ay magbibigay ng kabatiran sa performans ng mga guro. Ang kahusayan ng guro ay nasusukat ayon sa apat na gampanin – banghay ng pagtuturo, pagpapatupad ng plano ng pagtuturo, pagtataya sa bunga ng pagtuturo, at pagtataya sa pagkatuto.

Binanggit din ni Kippers (2021) na ang integratibog pagtataya ng performans task ng mga mag-aaral ay magbibigay - gabay sa mga namumuno ng paaralan upang mas hasain pa ang kakayahan ng mga guro sa pagsasanib ng interatibong pagdulog sa anumang isinasagawang pagtuturo partikular na sa mga hakbang at teknik ng pagsama-sama ng iba't ibang disiplina upang malinang ang buong katauhan ng bawat mag-aaral na siya namang pangkalahatang mithiin ng edukasyon.

Sa kabuoan, mahalaga ang integratibong pagdulog ayon kay Buendia (2024). Ito ay isa sa mga dulog pampagtuturong ginagamit sa ika-21 siglong edukasyon. Nasa ilalim ng integratibong dulog ang teorya ng integratibong pagkatuto na naglalarawan ng pagsasanib ng mga araling tumutulong sa mga mag-aaral na makabuo ng koneksyon tungo sa iba't ibang disiplina. Malaki ang tungkuling ginagampanan ng mga guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang bawat guro ay naghahangad na mauunawaan ng mga mag-aaral ang kanyang itinuturo, kaya nararapat lamang gumamit siya ng angkop na dulog para matutuhan ang pangangailangan bunga ng pagkakaiba-iba ng kanyang mga mag-aaral. Ang paggamit ng dulog ay isang mabisang instrumento upang magkaroon ng epektibong interaksyon sa pagitan ng guro at mag-aaral habang sila ay nagbabahaginan ng kanilang kaalaman, karanasan, pananaw at paniniwala. Ang makabagong dulog ay naaayon sa takbo ng panahon. Ibig sabihin nababago ang mga pamamaraan ng pagtuturo sa paglipas ng mga henerasyon upang manatiling buhay at makabuluhan ang pagtuturo ng isang guro. Kinakailangang angkop ang mga gagamiting dulog sa pagtuturo, maging masusi sa pagpili ng mga pagdulog na naaayon sa antas ng mga magaaral.

**Theoretical Lens**

Ang pananaliksik kong ito ay nakaangkla sa Teoryang *Constructivism* ni Piaget (1973) na nagpapaliwanag ng integratibong pagdulog sa pagtataya. Ito ay batay sa ideya na ang mga tao ay may aktibong bahagi sa pagbubuo ng kanilang kaalaman, at ang katotohanan ay nakabatay sa indibidwal na karanasan ng mga mag-aaral. Naniniwala ang teoryang ito na ang mga mag-aaral ay kinakasangkapan ang mga dating kaalaman bilang pundasyon ng mga bagong pagkatuto. Kabilang sa mga prinsipyong kaakibat ng teoryang ito ang ideyang ang pagkatuto ay nabubuo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga kaalaman, karanasan, paniniwala at repleksyon. Habang natututo, ay mas natututo pa umano ang tao. Ang pagkatuto ay isang aktibong proseso, isang gawaing sosyal at konstekstuwal. Ito ay maaari ring sabihing personal na karanasan at kinatatampukan ng motibasyon o pagganyak.

Sa pag-aaral na ito, ginalugad ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtukoy ng kanilang performance tasks gamit ang integratibong pagdulog kung saan ang mga kasanayang saklaw sa iba't ibang didiplina ay pinagsama at pinag-ugnay. Sa pananaw ng teoryang *contructivism* ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay nakabatay sa ideyang ang pagkatuto ay nabubuo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga kaalaman at karanasan. Ang pagkatuto ay isang aktibong proseso, isang gawaing sosyal at konstekstuwal. Sa dulog integratibo, ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng mga gawaing hango sa kanilang karanasan at pang-araw-araw na buhay.

**Research Gap**

Bagaman may ilang pananaliksik na tumatalakay sa pagtataya ng performance task (Brualdi, 2020; Gibson, 2023) at sa epekto ng *integrative performance-based assessment* (Brinke & Kester, 2020), kapuna-puna na kakaunti ang mga pag-aaral na tuwirang sumusuri sa aplikasyon ng **integratibong pagdulog** sa pagtataya, partikular sa **asignaturang Filipino**. Ipinakita sa pag-aaral ni Brualdi (2020) ang pokus sa pagtataya ng performance task, ngunit hindi isinasaalang-alang ang integratibong pagdulog bilang bahagi ng proseso ng pagtataya. Samantala, ipinunto ni Gibson (2023) ang kahalagahan ng teknik sa pagtataya upang makamit ang mga layunin sa pagkatuto, subalit hindi rin nito isinama ang aspektong integratibo sa disenyong pampagtataya. Sa kabilang banda, sina Brinke at Kester (2020) lamang ang tumalakay sa bisa ng *integrative performance-based assessment*, ngunit ito ay nakatuon sa asignaturang Science at hindi sa Filipino. Ipinahihiwatig nito ang isang *research gap* sa pananaliksik na nagsusuri sa ugnayan ng integratibong pagdulog at pagtataya ng performance task sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino. Ang ganitong kakulangan ang nagbigay-daan sa kasalukuyang pag-aaral na pagtuunan ng pansin ang nasabing larangan.

Ang kaibahan ng pag-aaral na ito ay ang paggalugad sa kung paano isinagawa ng mga guro ang integratibong pamamaraan o pagdulog sa pagtataya ng performance tasks, gayundin, ang pananaw ng mga guro sa halaga ng paggamit ng integratibong pagdulog. Naniniwala ang mananaliksik na ang kakulangan sa mga naunang pag-aaral ay mapunan sa kasalukuyang pag-aaral.

**Katuturan ng mga Termino**

Upang lubos na maunawaan at mapahalagahan ang pananaliksik kong ito, ang mga sumusunod na katuturan ay makatutulong:

**Halaga ng Integratibong Pagdulog.** Nakasalalay sa kakayahan nitong magbigay ng mas malalim at mas malawak na pagsusuri sa kakayahan ng mag-aaral, kaysa sa tradisyunal na pagtataya na nakatuon lamang sa mga hiwalay na aspekto ng kaalaman. Sa pamamagitan ng integrasyon, natututo ang mga mag-aaral na makita ang koneksyon ng mga ideya mula sa iba't ibang larangan, na nagiging daan sa mas mahusay na aplikasyon ng kaalaman sa mga praktikal na sitwasyon.

**Integratibong Pagdulog.** Ito ay tumutukoy sa pagdulog sa pagtataya sa asignaturang Filipino na kung saan ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataong mapagsanib ang mga dating kaalaman at karanasan sa iba't ibang larangan upang masuportahan ang mga bagong natutuhan.

**Paglalapat.** Ito ay proseso ng pagsasakatuparan o paggamit ng isang teorya, konsepto, o lapit sa aktwal na gawain o sitwasyon. Sa pananaliksik na ito, ito'y tumutukoy sa aktwal na paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtuturo at pagtataya.

**Pagtataya.** Ito ay tumutukoy sa proseso o paraan ng pagsukat sa natutuhan ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa ilalim ng asignaturang Filipino sa pamamagitan ng performance tasks.

**Pananaw ng mga Guro.** Tinutukoy nito ang palagay at perspektiba ng mga guro ukol sa halaga ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ng mga mag-aaral.

**Performance Task.** Tinatawag ding gawaing pagganap na tumutukoy sa mga gawaing pagtataya na ibinibigay ng guro sa mga mag-aaral upang isagawa bilang panukat ng kanilang dating kaalaman, kasalukuyang kaalamang nalilinang, bagong kaalamang natutuhan at kahandaan sa kasunod na aralin.

## PAMAMARAAN

Sa kabanatang ito, inilalahad ko ang disenyo ng pananaliksik at iba't ibang pamamaraan at estratehiya na ginamit sa pag-aaral. Ito ay kinapapalooban ng mga sumusunod: disenyo ng pag-aaral, tungkulin ng mananaliksik, lokal ng pag-aaral, proseso ng pagpili ng kalahok, mga kalahok sa pag-aaral, paraan ng pangangalap ng datos, pag-aanalisa ng datos, trustworthiness of the study, at ethical considerations ng pag-aaral.

### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit na pamamaraan ang kwalitatib na pananaliksik sa dokumentaryong pagsusuri na isang sistematikong pamamaraan ng pagrebyu at pagsusuri ng mga dokumentong nakalathala o elektroniko. Katulad ng alinmang pamamaraan sa kwalitatibong pananaliksik, ang dokumentaryong pagsusuri ay nagsusuri upang makabuo ng empirikal na kahulugan, ideya, kabatiran at pag-unawa sa isang penomenang pinag-aaralan (Bowen, 2009).

Ang pag-aaral kong ito ay sang-ayon din sa disenyo ng isang *phenomenological qualitative research.* Ayon kay Cresswell (2012), ang *phenomenology* ay hindi lamang isang paglalarawan, bagkus ay isang proseso rin ng interprestasyon ng kahulugan ng mga nakalap na karanasan. Ayon kay Polkinghorne (1989), ang ideyal na bilang ng mga manlalahok sa isang *phenomenological research* ay lima (5) hanggang 25 na may direktang karanasan sa isang pinag-aaralang paksa. Maaaring makalap ang datos gamit ang *recorded* na interbyu at pasulat na tugon sa panayam na naglalaman ng *open-ended* na katanungan.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Sapagkat kakaunti lamang ang mga guro sa Filipino sa Lanton High School, iminumungkahi kong ilahok ang lahat bilang mga kalahok ng pananaliksik. Gamit ang kwalitatibong paraan ng pananaliksik, ipinapalagay ni Cresswell at Creswell (2007) na ang datos na makakalap ay maaaring sabjektiv at malawak dahil ang mananaliksik ay makipag-interak sa mga *target* na *informant* sa pag-aaral. Ito ay kadalasang naangkop sa mga pananaliksik na may layong matuklasan ang mga damdamin, kaisipan, at gawi na umiiral sa isang partikular na penomenon.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Ako ay gumanap at nagsilbing *insider* sa pangangalap ng mga datos ng pag-aaral. Ako ay may tungkuling maging tagapagdaloy sa proseso ng paglikom ng mga datos. Sa pagsusuri ng mga dokumento, tiniyak kong maging obhektibo ang ginawa kong pagsusuri nang walang bahid ng impluwensiya o pagkiling. Isinantabi ko rin ang aking pagiging guro sa Filipino sa pakikipanayam sa mga kapwa ko guro sa katulad na asignatura upang makalap ang hinahangad na impormasyon bilang katugunan sa katanungang inihanda para sa mga kalahok. Naghanda ako ng talaan ng kasagutan upang magsilbing batayan ng analisis at matukoy ang mga kaparaanan at pananaw ng mga guro sa kahalagahan ng paglalapat ng integratibong pagdulog sa pagtataya gamit ang mga gawaing pagganap o *performance task.* Tiniyak kong malaya ang diskurso sa pagitan ko at ng mga kinapanayam na guro upang masigurong makatotohanan at komportableng magbahagi ang mga kalahok. Ginabayan ko ang mga kalahok sa pagsagot sa mga mahahalagang tanong. Ang lahat ng napag-usapan sa panayam ay itinala gamit ang *voice recorder* o sa pamamagitan ng pagpapasagot sa *interview guide* na may mga *open-ended* na katanungan. Isinagawa ko ang transkripsiyon sa bawat interbyu at ginawan ito ng salin sa Filipino kung kinakailangan.

**Lokal ng Pag-aaral**


Ang pananaliksik kong ito ay isinagawa sa Junior High School ng Lanton High School na matatagpuan sa Purok 5, Lanton, Brgy. Apopong, General Santos City sa Taong Panuruan 2023-2024.

Ang Barangay Apopong ay matatagpuan sa hilagang kanluran ng General Santos City. Sa kasalukuyan, ito ay pinamumunuan ni Punong Barangay Jose Paolo Jude L. Natividad kasama ng kanyang walong kasapi ng konseho sa Sangguniang Barangay.

Ang Lanton High School ay gumagamit ng **integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task** upang mapalawak at mapalalim ang karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Sa halip na limitado lamang sa mga tradisyunal na pagsusulit, ang mga guro ay nagdidisenyo ng mga proyekto at gawain na nangangailangan ng aplikasyon ng kaalaman mula sa iba't ibang disiplina.

Ipinapakita sa Pigura 1 ang mapa ng lokal ng pag-aaral.

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692




**Pigura 1. Mapa ng Lokal ng Pag-aaral**

### Proseso ng Pagpili ng Kalahok

Ako ay gumamit ng *total enumeration technique* na kung saan pumili ako ng magiging kalahok ayon sa aking kaalaman at pagpapasya. Sa proseso ng pagpili ng kalahok, tiniyak kong ang mga kalahok ay mga guro sa Filipino na nagtapos sa kursong may espesyalisasyon sa wika at panitikang Filipino. Sila ay nakapagturo nang hindi bababa sa tatlong (3) taon ng asignaturang Filipino sa alinmang pampubliko o pampribadong mataas na paaralan. Ang impormasyong pagbabatayan nito ay ang pansekundaryang datos na nakuha sa Administrative Assistant (ADAS) ng paaralan. Itinala ko ang mga gurong kwalipikado at hiningi ang pahintulot sa *Schools Division Superintendent* ng General Santos City Schools Division, at punungguro ng Lanton High School.

### Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay limang (5) guro sa asignaturang Filipino na kasalukuyang nagtuturo sa Lanton High School, Taong Panuruan 2023-2024. Ang mga nasabing kalahok ang kabuuang bilang ng mga guro na nagtuturo ng nasabing asignatura sa paaralan. Personal na kinapanayam ko o hindi naman kaya ay pinasagot ko nang pasulat sa isang interview guide na naglalaman ng mga *open-ended* na katanungan ang mga kalahok at hiningian din sila ng kopya ng kanilang mga banghay-aralin upang makalap ang mga kaparaanan ng kanilang paglalapat ng integratibong pagdulong sa pagtataya ng performance task.

Ang Taong Panuruan 2023-2024 ay ang muling pagbubukas ng mga paaralan at pagpapanumbalik ng *face-to-face* na klase pagkatapos ng dalawang taong pakikibaka sa pandemya. Inasahang naisagawa ng mga guro ang mga epektibong pamamaraan upang matuto ang mga mag-aaral at mapagtagumpayan ang mga sinuong na hamon sa pagkatuto sa nakalipas na mga taon ng pandemya. Kabilang sa mga pamamaraang ito ang paggamit ng mga integratibong pagtataya na kung saan, ang markang makukuha ng mga mag-aaral sa mga proyekto o gawaing pagganap ay para sa dalawa o higit pang asignatura. Layon nito na mapagaan ang mga akademikong pasanin ng mga mag-aaral at mapagtanto nila ang holistikong kaugnayan ng kanilang pagkatuto mula sa konteksto ng iba't ibang asignatura. Kabilang ang Lanton High School sa mga pampublikong paaralan na inaasahang inilalapat ang nabanggit na mungkahing pagdulog sa pagtataya upang mahubog ang iba't iba at magkakaugnay na kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Ang pananaliksik kong ito ay isinagawa ayon sa mga sumusunod na hakbang sa pangangalap ng datos:

Una kong tinukoy ang mga tiyak na suliranin na magiging paksa ng pananaliksik. umikot ang buong pag-aaral sa pagsagot ng mga katanungang may kinalaman sa paglalapat ng integratibong pagdulog sa pagtataya sa asignaturang Filipino gamit ang gawaing pagganap o *performance task.* Tiniyak na pag-aaralan ang mga naging pamamaraan at ang pananaw ng mga guro sa kahalagahan ng paggamit ng mga integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task.

Pangalawa, tinukoy ko ang mga tiyak na kalahok ng pag-aaral. Sapagkat lima (5) lamang ang kabuoang bilang ng mga guro sa Filipino sa Lanton High School, iminungkahi kong ilahok ang lahat ng nasabing kalahok. Hiningi ko ang pahintulot ng superintendente ng General Santos City Schools Division at punongguro ng paaralan upang isagawa ang aking pananaliksik at pangangalap ng datos sa pamamagitan ng interbyu at pangangalap ng mga kaugnay na banghay-aralin ng mga guro.

Pangatlo, isinagawa ko ang pangangalap ng kakailanganing datos para sa pananaliksik sa iskedyul na itinakda. Bago ang pagsasagawa ng pangangalap ng datos, kinuha ko mula sa mga kalahok ang kanilang permiso o pahintulot na makibahagi sa pag-aaral. Inorganisa ko ang mga nalikom na banghay-aralin bago ginawa ang pagsusuri. Pagkatapos, sa pamamagitan ng *key in-depth interview*, nilikom ko ang mga datos mula sa mga kalahok. Sistematikong inirekord ko at ginawaan ng dokumentasyon ang bawat panayam sa limang (5) guro sa Filipino.

Pang-apat, sa kasagsagan ng paglikom ng mga datos, ako ay nakipagtulungan sa mga kalahok upang ang interpretasyon ng mga impormasyon ay wasto at akma.

**Pag-aanalisa ng mga Datos**

Pagkatapos ng mga isinagawang interbyu, sinuri ko ang mga nakalap na datos gamit ang *content analysis* nina **Krippendorff (2018)** at **Berelson (1952),** tinukoy ko ang mga susing ideya, at isinaayos ang mga impormasyong nakalap sa isang lohikal na pagkakasunud-sunod. Pagkatapos, naghanda ako ng transkripsiyon. Ang balidasyon na datos ay sa pamamagitan ng pagpapabasa ng mga lagom na ginawa ko sa mga kalahok na isa-isa kong binalikan.

Gamit ang *Thematic Analysis* nina Braun at Clarke (2006), ang tema ay tinukoy sa pamamagitan ng paglalagay ng direktang *quotation* sa tsart, kasabay ng mga tukoy na *prevalent themes* sa pamamagitan ng pagco-*coding* ng mga *quotations*. Itong *coded* na *quotations* ay ginamit sa pagsagot sa katanungan sa pananaliksik.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

Nagsagawa rin ako ng pagsusuri sa mga nakalap na banghay-aralin upang mas mapaunlad ang pagtalakay sa mga pamamaraan ng paggamit ng integratibong pagtataya ayon sa isinasaad ng mga dokumentong nakalap. Nagsilbing batayan ng mga pagsusuri ang mga teoretikal na batayan ng nasabing pagdulog, mga kaugnay na pag-aaral at iba pang napagkunan ng impormasyon.

**Trustworthiness of the Study**

Upang matiyak na mapanghahawakan ang magiging resulta ng pag-aaral, aking binigyang-konsiderasyon ang apat na pangangailangan ng pagtitiwala na ibinigay nina Lincoln at Guba (1985) ukol sa pagtaya o ebalwasyon ng mga pagpapakahulugang ginawa sa pananaliksik. Kabilang sa mga ito ang credibility, transferability, dependability at confirmability. Nagmula ang datos para sa pagsusuri sa mga magiging kasagutan ng mga kalahok sa isinagawang interbyu.

Una, sa pagbuo ng **credibility**, ginamit ko ang teknik sa pagdisenyo at pagpangasiwa ng mga hakbang at pamamaraan. Maingat na itinago ko at ginamit ang mga impormasyon ng mga kalahok upang maisaalang-alang ang konfidensyaliti ng mga dokumento. Hindi ibinunyag ang anumang impormasyon sa pagkakakilanlan na maaaring makaaapekto sa integridad ng mga kalahok. Maaasahan ng kalahok ang aking katapatan at sinseridad sa larangang ito ng pananaliksik.

Ikalawa ay ang **transferability** (*external validity*). Ito ay tumutukoy sa posibilidad na mailapat at magamit sa ibang konteksto o *settings* at magsilbing batayan sa mga pananaliksik sa hinaharap ang mga tuklas na kaalaman at impormasyon ng kasalulukuyang pag-aaral. Ang masusing dokumentasyon na inilathala ay maaaring maging sanggunian ng iba pang mga mananaliksik sa hinaharap na may layong magsagawa ng kaugnay na pag-aaral.

Ayon kina Lincoln at Guba (1985), ang paglilipat ay tumutukoy sa lawak na kung saan ang mga mananaliksik na nagtatrabaho sa teorya ay maaaring magbigay ng isang *index* ng paglipat, sa halip, siya ay responsable sa pagbibigay ng mga *set* ng *data* at mga paglalarawan na may sapat na batayan upang ang iba pang mga mananaliksik ay makagawa ng paghatol tungkol sa mga natuklasan na paglipat sa iba't ibang *setting* o konteksto.

Ikatlo ay ang **dependability** na tumutukoy sa pagiging matatag at maaasahan ng proseso ng pananaliksik. Sa pag-aaral na ito, tiniyak ang dependability sa pamamagitan ng maayos at sistematikong pagdodokumento ng lahat ng hakbang sa pangangalap at pagsusuri ng datos. Ginamit ang *prior coding* upang maging organisado at pare-pareho ang paraan ng pag-uuri at pagsusuri ng mga impormasyong nakalap mula sa mga kalahok. Dahil dito, naging mas madali ang pagsubaybay sa mga datos at natiyak na ang proseso ay maaaring ulitin o masuri ng ibang mananaliksik.

Panghuli, ang **confirmability** na tumutukoy sa pagiging obhetibo ng pag-aaral at sa pagtiyak na ang mga resulta ay nakabatay sa aktuwal na datos, hindi sa personal na opinyon o pananaw ng mananaliksik. Sa pag-aaral na ito, sinuri nang mabuti ang kabuuang nilalaman ng mga dokumento at mga nakalap na impormasyon upang matiyak na ang mga konklusyon ay may sapat na batayan. Sa pamamagitan ng maingat na pagsusuri at pagberipika ng datos, natiyak na ang mga natuklasan ay tunay na hinango mula sa mga kalahok at mahalaga sa ikatatagumpay ng pag-aaral.

**Ethical Considerations**

Tiniyak ko na ang lahat ng ethical consideration ay aking nasunod ayon sa itinakda ng Holy Trinity College sapagkat ito ay nakatutulong upang maiwasan ko ang anumang gawain na maaaring tahasan o di-tahasang manlamang o umabuso sa mga kalahok sa aking pananaliksik.

Ang mga sumusunod ay masusi kong isasaalang- alang sa pangangalap ng datos sang-ayon sa mungkahi ni Fleming (2018):

Ang **Informed Consent** ay nagpapahintulot sa pakikilahok ng mga kalahok sa pananaliksik nang malaya, walang pagbabanta o pagpipilit. Sa pananaliksik na ito ay tiniyak kong walang anumang pagpipilit at pawang boluntaryong pakikilahok lamang mula sa mga kalahok. Isinagawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng *informed consent*. Kasabay rin nito ang pagpapaliwanag ko sa mga kalahok ng layunin ng isinagawang pananaliksik at kung gaano kahalaga ang kanilang partisipasyon sa ikatatagumpay ng pag-aaral. Panghuli ay tiniyak kong mapangangalagaan ang karapatan, pangangailangan at kapakanan ng mga kalahok.

Ang **Voluntary Participation** ay nangangahulugang ang mga kalahok ng pag-aaral ay ganap na may alam tungkol sa isinagawang pamamaraan ng pananaliksik at alam din nila ang haharapin habang isinagawa ang pag-aaral. **Ibig sabihin, ang kanilang paglahok ay hindi sapilitan at maaari silang umatras anumang oras kung nais nila, nang walang anumang negatibong epekto o parusa.** Tinitiyak nito na ang bawat kalahok ay malayang nakapagpapasya batay sa kanilang sariling kalooban at pag-unawa sa layunin at proseso ng pananaliksik.

Para sa **Data Privacy** sa pananaliksik na ito, tiniyak kong ang isinagawang aksyon at pangangalap ng datos ay sumang-ayon sa Data Privacy Act of 2012. Ang mga pangalan o karakter ng sinomang lumahok sa pananaliksik ay nanatiling pribado at hindi binanggit sa papel. Idinagdag pa na ang mga hindi kinakailangang katanungan na wala sa *interview guide* ay hindi ko rin itinanong sa mga kalahok at lalong hindi rin sila pinilit na sumagot. Ang mga *hardcopies* at *softcopies* na nakalap ay itinago sa loob ng ilang taon o depende sa panahong kakailanganin ng *panel of examiners*. Sa huli, ito ay susunugin upang mananatiling pribado at kumpidensyal.

Ang **Gender Sensitivity** sa pananaliksik na ito ay isinaalang-alang ang kasarian bilang makabuluhang baryabol sa kapaligiran at progreso ng isinagawang pag-aaral. Sa kasalukuyan, ang babae at lalaki ay may kani- kaniyang ginagampanan sa komunidad na may iba't ibang pananaw na nagdudulot ng pagbabago sa anomang aspekto ng pamumuhay. Ngunit ang mga gurong babae at lalake bilang kalahok sa pananaliksik na ito ay binigyan ng pantay na atensyon, ang pagkakaiba at pagkakapareho ng kani-kanilang pananaw. Sinikap kong maging sensitibo pagdating sa paggamit ng wikang may kinalaman sa kasarian.

Ang **Cultural Sensitivity** ay binigyan ko ng halaga ang kultura bilang bahagi ng ethical consideration sapagkat ang mga guro bilang kalahok ng pananaliksik ay may pagkakaiba-iba ng kinagisnang kultura. Ito rin ay kinakailangan sa pagpapalawak ng resulta sa mga nakalap na datos at bilang pagkakagamitin nito sa pangkalahatan.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay isinagawa nang may mataas na pagpapahalaga sa mga etikal na pamantayan. Tiniyak ng mananaliksik na ang bawat kalahok ay may sapat na kaalaman, malayang pumayag sa kanilang paglahok, at ang kanilang karapatan sa pagiging kompidensiyal ay lubos na iginagalang. Sa pamamagitan ng pagiging sensitibo sa kultura, kasarian, at personal na paninindigan ng mga kalahok, naisakatuparan ang pananaliksik sa paraang makatao, makatarungan, at may integridad. Sa ganitong paraan, napanatili ang etikal na pundasyon ng pag-aaral na siyang mahalaga sa pagtamo ng makabuluhan at mapagkakatiwalaang resulta.

Bukod dito, isinulong din ng mananaliksik ang prinsipyo ng pananagutan at propesyonalismo sa buong proseso ng pag-aaral. Tiniyak na ang bawat hakbang—mula sa pangangalap ng datos hanggang sa interpretasyon at pag-uulat ng mga natuklasan—ay isinagawa nang may katapatan at paggalang sa katotohanan. Ang mga impormasyong nakalap ay hindi ginamit sa anumang paraang maaaring makapinsala sa mga kalahok, at ang mga resulta ay inilahad nang obhetibo at walang kinikilingan. Sa pamamagitan nito, higit na napagtibay ang kredibilidad ng pananaliksik at ang tiwala ng mga mambabasa sa kabuuang

ISSN:3116-4692

kinalabasan ng pag-aaral. Dahil dito, ang pag-aaral ay nagsisilbing halimbawa ng isang responsableng pananaliksik na nakabatay sa matibay na pagpapahalagang moral at akademiko.

**RESULTA AT TALAKAYAN**

Sa kabanatang ito, inilalahad ng mananaliksik ang resulta ng pagsusuring isinagawa sa mga paraan ng paggamit ng interaktibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ng mga guro sa Filipino, gayundin ang kanilang pananaw ukol sa kahalagahan ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task.

**Mga Kalahok**

Ang mga kalahok ay maingat na pinili batay sa kaugnayan nila sa paksa. Ang kanilang partisipasyon ay boluntaryo at ang lahat ng ibinahaging impormasyon ay pinangalagaan nang may pagiging kompidensiyal at paggalang.

Sa paglalahad ng datos sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga code na LP na nangangahulugang *Lesson Plan* at T na nangangahulugang *Teacher*. Ang kasunod na bilang sa bawat code ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga Lesson Plan at Guro. Halimbawa, ang 'LP1' ay tumutukoy sa unang Lesson Plan, habang ang 'T2' ay tumutukoy sa ikalawang Guro na kalahok sa pag-aaral.

Ang unang kalahok sa pag-aaral na ito ay isang guro sa isang pampublikong paaralan. Nagsimula siyang magturo sa nasabing paaralan noong 2018 hanggang sa kasalukuyan. Siya na kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang 9.

Ang ikalawang kalahok sa pag-aaral na ito ay isa ring guro sa isang pampublikong paaralan. Nagsimula siyang magturo sa nasabing paaralan noong 2019 hanggang sa kasalukuyan. Siya na kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang 7.

Ang ikatlong kalahok sa pag-aaral na ito ay isa ring guro sa isang pampublikong paaralan. Siya kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang 8.

Ang ikaapat na kalahok sa pag-aaral na ito ay isa ring guro sa isang pam paaralan. Nagsimula siyang magturo sa nasabing paaralan noong 1997 hanggang sa kasalukuyan alukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang 10.

Ang ikalimang kalahok sa pag-aaral na ito ay isa pa ring guro sa isang pampublikong paaralan. Siya kasalukuyang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang 7.

**Paraan ng Paggamit ng Integratibong Pagdulog sa Pagtataya ng Performance Task**

Sa bawat pagtuturo, ang mga guro ay nagpaplano ng mga gawaing sumusukat at tumataya sa mga kasanayang natatamo ng bawat mag-aaral matapos maisagawa ang pagtuturo. Isa sa mga gawaing ito ang *performance task.* Sa pagbibigay ng gawaing ito sa mga mag-aaral, ang mga guro ay gumagamit ng integratibong pamamaraan. Bilang beripikasyon dito, ang mga Banghay ng Pagtuturo ng mga guro sa Filipino ng Lanton High School ay masusing sinuri ayon sa kung paano ginawa ang integrasyon sa pagtataya ng mga *performance task*.

**Talahanayan 1**

*Paraan ng Paggamit ng Integratibong Pagdulog sa Pagtataya ng Performance Task*

| Paraan | Pahina |
|---|---|
| Integrasyon sa Pagtataya ng Dating Kaalaman | 34 |
| Integrasyon sa Pagtataya ng Kasalukuyang Kaalamang Nalinang | 38 |
| Integrasyon sa Pagtataya ng Natutuhan sa Bagong Aralin | 43 |
| Integrasyon sa Pagtataya ng Karagdagang Gawain at Kahandaan sa Kasunod na Aralin | 45 |

**Integrasyon sa Pagtataya ng Dating Kaalaman.** Sa proseso ng pagtuturo, may mga pagkakataong bago ang pagpapakilala ng bagong aralin ay kinakailangan munang alamin ng guro ang kaalaman ng mga mag-aaral sa isang tiyak na konsepto dahil mahalaga ito sa pagtalakay at pag-unawa ng bagong konseptong ituturo. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagbabalik-aral o kaya ay paunang gawain bilang paghahanda sa isipan at damdamin ng mga mag-aaral na makisangkot sa mga gawain sa pagkatuto na inihahanda ng guro. Sa mga banghay-aralin na sinuri, lumabas na iilan sa mga gurong kalahok ang gumagamit ng integrasyon sa mga gawaing sumusukat ng dating kaalaman ng mga mag-aaral, kagaya na lamang ni T2 na nagsanib ng Musika sa ginawa niyang balik-aral sa kanyang LP1.

> *Magpatugtog ang guro ng isang awiting, "Kumusta Ka?" at itanong: Kumusta ang Inyong naging bakasyon?(T2.LP1: Balik-aral sa Nakaraang Aralin)*

Sa bahaging ito ng banghay, gumamit ang guro ng popular na awitin ng bayan at nagsilbing lunsaran upang makuha ang kawilihan ng mga mag-aaral at maihanda sa pagtalakay sa bagong konsepto sa pamamaguitan ng pagtatanong kaugnay ng mensaheng ipinaabot ng kanta. Samantala, si T3 sa kanyang LP2, ay kinakitaan din ng integrasyon sa Arts at Science sa kanyang LP3 sa bahaging Balik-aral.

> *Kulayan ang hugis na nagtataglay ng mga ideya mula sa karunungang bayan. Pagkatapos ay bumuo ng konsepto gamit ang mga salitang kinulayan. (T3.LP2: Balik- aral sa Nakaraang Aralin)*

> *Pagdugtung-dugtungin ang hiwa-hiwalay na bahagi ng caterpillar upang mabuo ang konsepto ng aralingnatalakay. (T3.LP3: Balik- aral sa Nakaraang Aralin)*

Batay sa LP 2 ni T3, sa simpleng pagtukoy lamang ng angkop at tumpak na konseptong hinihingi ng aralin, ang mag-aaral ay nakapaglalapat ng kanilang kasanayan sa paggamit ng kulay. Sa kabilang dako, sa kanyang LP3, nasusukat ang kaalaman ng mga mag-aaral sa konsepto ng agham partikular na sa anatomiya ng insekto na iniugnay naman ni T3 sa pagbuo ng mga konseptong tinalakay sa wika. Sa gawaing ito, maliwanag ang integrasyong ginawa ng guro sa pagtataya ng performance task ng mga mag-aaral. Katulad ni T3, Si T4 sa kanyang LP1, ay gumamit din ng integrasyon sa Agham Panlipunan sa kanyang Balik-aral. Narito ang sipi mula sa banghay:

> *Mula sa larawan ay ipapahula sa mga mag-aaral ang mga bansang kasama sa Timog Silangang Asya. (T4.LP1: Balik-aral sa Nakaraang Aralin)*

Malinaw na sa mga aralin ng wika, maaaring magamit ang mga konsepto ng Social Science bilang lunsaran at integrasyon sa aralin. Maliban sa napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pag-alam ng mga bansa ng Timog Silangang Asya, usaping hindi lamang nakapokus sa wika, napalalawak pa ang kanilang kaalaman sa iba pang larangan o disiplina. Sa pahayag na ito, kakitaan naman ng integrasyon sa Music at Physical Education ang LP2, LP3, at LP5 ni T5 sa kanyang pagbabalik-aral sa wika.

> *SHOOT THE BALL: Ang bawat pangkat ay bibigyan ng tig-iisang bolang papel na kailangang mai-shoot sa upuang nasa harapan. Ang mga kalahok ay nakapwesto sa likurang bahagi ng silid-aralan. (T5.LP2: Balik-aral sa Nakaraang Aralin)*
>
> *PAIKUTIN NATIN: Papipiliin ang klase ng kanta na kayang kantahin ng lahat, pagkatapos ay ipapaikot ang kahon na naglalaman ng mga salita. Kapag sinabi ang "hinto" titigil sila sa pagkanta, at ang may hawak ng kahon aybubunot ng salita at tukuyin ang kayarian nito. (T5.LP3: Balik-aral sa Nakaraang Aralin)*
>
> *TRIP TO JERUSALEM: Sa saliw na musika kailangang ang bawat kalahok ay makauuposa itinalagang upuan at ang walang mauupuan ang siyang sasagot sa katanungan.(T5.LP5: Balik-aral sa Nakaraang Aralin)*

Likas na mahiligin ang mga bata sa laro. Kawili-wili para sa kanila ang pakikipagpaligsahan. Nariyan ang pananaw na sa pagtuturo ng wika, maging kabagot-bagot ito kung hindi lakipan ng mga gawaing nakakakuha ng interes sa mga mag-aaral. Ang balik-aral ay bahagi ng panimulang gawain kung saan sinisikap ng guro na maihanda ang isipan at damdamin ng mga mag-aaral para sa bagong mga ipakilalang gawain. Samantala, sa mga gawaing pangganyak at paghahabi ng layunin, masusuri rin sa mga banghay-aralin ng mga guro ang integrasyon ng mga konseptong pangwika sa ibang mga disiplina o larangan. Gaya na lamang ni T1 sa kanyang LP1 at T2 sa kanyang LP1 at LP4.

> *Mula sa bawat pangkat ay ipasulat sa bawat isa ang mga kababalaghan o mga di-kapani paniwala (supernatural) na kanilang naranasan. (T1.LP1: Pag-hahabi sa Layunin ng Aralin)*
>
> *Magpakita ang guro ng mga larawan at tutukuyin mga mag-aaral kung anong kultura ng mga Maranao ang ipinapakita nito (T2.LP1: Paghahabi sa Layunin ng Aralin)*
>
> *Isulat sa loob ng mga kahon ang mga katangiang Dapat taglayin ng isang superhero. (T2.LP4: Paghahabi sa Layunin ng Aralin)*

Sa mga nabanggit na banghay-aralin, malinaw na naisanib ang mga konseptong kultural ng bayan. Ang mga Pilipino lalo na sa sinaunang panahon ay naniniwala sa mga supernatural na pangyayari o mga pangyayaring kababalaghan at malayo sa katotohanan. Gayundin, nariyan ang paniniwala sa mga superhero, mga karakter na itinuring na tagapagligtas ng isang partikular na tribu. Ang integrasyon sa Social Science ay karaniwang naisasanib sa pag-aaral ng wika sapagkat ang wika mismo ng isang bayan ay kinasasalaminan ng kultura. Dagdag dito ang integrasyon din sa Social Science na nasuri sa bahaging Paghahabi ng Layunin nina T3 at T4.

> *Itataas ang GREEN FLAG kapag ang pahayag na binasa ukol sa karunungan bayan ay TAMA at RED FLAG naman kung HINDI. (T3.LP4: Pag- hahabi sa Layunin ng Aralin)*
>
> *Hulaan ang kung anong bansa ang watawat na ipapakita. (T4.LP2: Pag-uugnay ng mga Halimbawa sa Layunin ng Aralin)*

Ang integrasyon sa mga banghay ay kakitaan ng konseptong may kaugnayan sa pandaigdigang kaalaman sa Social Science. Ang mga mag-aaral ay inihanda hindi lamang sa konseptong pangwika kundi nabibigyan din sila ng pagkakataon na balikan at pag-usapan ang mga konsepto ukol sa mga nangyayari sa lipunan kung saan sila napabilang. Si T5 naman sa kanyang LP1, LP2, LP3, at LP5 ay naglapat ng integrasyon sa mga gawaing pangganyak bilang paghahabi ng layuinin ng aralin.

> *SAY IT! Sa pamamagitan ng larong "bring me", ang bawat pangkat ay magpauunahang makabigay ng gamit na hinihingi ng guro. (T5.LP1: Paghahabi sa Layunin ng Aralin)*
>
> *TAYO NA SA SIPNAYAN! Gamit ang mga titik na may kaakibat na bilang ay bubuoin ng mga mag-aaral ang mga pahayag sa tulong na rin ng iba't ibang mathematical expression. (T5.LP1: Pag-uugnay ng mga halimbawa sa Layunin ng Aralin)*
>
> *MAMILI KA, UNA O IKALAWA! Sa saliw ng musika ay ipapasa ng mag-aaral ang bolang papel at pag huminto ang musika, at sino ang may hawak ng bolang papel ay siyang magbibigay ng wastong sagot sa tanong (T5.LP2: Pag-uugnay ng mga halimbawa sa Layunin ng Aralin)*
>
> *KILALA KO'TO: Ipakikita sa klase ang mga larawan ng mga nialang na pinaniniwalaan ng ating mga ninuno magpasahanggang ngayon tulad ng bathala, duwende, tikbalang, diwata at iba pa. (T5.LP3: Pag-uugnay ng mga halimbawa sa Layunin ng Aralin)*
>
> *SHOW ME YOUR FEELINGS! Bibigyan ang bawat pangkat ng iba't ibang emoji. Tutukuyin ng mga mag-aaral ang damdaming nangingibabaw sa bawat pahayag na ibibigay ng guro gamit ang emoji. (T5.LP5: Paghahabi sa Layunin ng Aralin)*

Sa mga banghay na nabanggit, malinaw na nakasaad ang integrasyon sa Physical Education, Mathematics, Music, Scocial Science, at Arts. Samakatuwid, mahihinuhang sa pagtuturo ng wika, ang integrasyon ay nagagawa di lamang nakapokus sa isang disiplina kundi kahit na iba-ibang larangan. Kung nangyayari ang mga ito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto, tiyak na mas lalawak ang kaalaman at mapalalim pa ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga bagay-bagay na may kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Kaugnay ng natuklasang ito ang napatunayan ni Klaassen (2020) sa kanyang pag-aaral na sa integratibong pagdulog, ang mga mag-aaral ay binibigyan ng pagkakataon na maipamalas kung paanong napagsasanib nila ang dating kaalaman at karanasan upang masuportahan ang bagong kaalaman at karanasan. Ang konsepto sa likod ng integratibong pagkatuto ay napangangatawanan ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pagkatuto, at nagiging kritikal sa pagtukoy sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga disiplina, upang magamit sa mga suliranin sa totoong buhay.

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

**Integrasyon sa Pagtataya ng Kasalukuyang Kaalamang Nalinang.** Habang isinasagawa ng guro ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto, may mga gawaing pagtataya ang ibinibigay ng guro bilang pagkilatis sa kakayahan ng mga mag-aaral na matuto sa sariling pamamaraan o kaya ay makalinang ng konseptong pinag-uusapan sa tulong at gabay ng mga nasabing gawain. Nilalayon din ng mga gawaing pampagkatuto ang pagsasanay sa mga mag-aaral upang higit na malinang ang mga inaasahang kasanayang malinang sa panahong itinuturo ang isang tiyak na aralin. Sa isinagawang pagsusuri sa mga banghay-aralin ng mga gurong kalahok, natuklasang sa mga gawaing panlinang ng aralin, gumagamit ng integrasyon ang mga guro. Narito ang ilang sipi mula sa mga LP nina T3, T5, T1 at T2.

> *Manood at unawaing mabuti ang kaisipang nakapaloob sa video clip. isangguni sa http//www.youtube.com.watch?y=IaKd./9/AW9U (T3.LP2: Pagtalakay ng Bagong Konsepto)*
>
> *Para sa inyo, ano ang mabisang paraan ng pagsasabuhay ng mga karunungang bayan, sa makalumang paraan o makabagong Paraan gamit ang social media? (T3.LP3: Pagtalakay ng Bagong Konsepto)*
>
> *Pumili ng isang karunungang bayan na mai-uugnay mo sa iyong buhay at iguhit ito sa isang buong papel. (T3.LP1: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*
>
> *Gumuhit ng isang simbolo o hugis na kumakatawan Sa kaisipan na, "Para kanino ka bumabangon?"at Ipaliwanag ito. (T3.LP2: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

Sa mga banghay-aralin ni T3, ipinakita ang ginamit na integrasyon sa Teknolohiya sa mga bahaging Pagtalakay ng Bagong Konsepto. Ang pagpapanood ng video clip ay kinagigiliwan ng mga mag-aaral dala ng malaking impluwensiya ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, gayundin ang mga gawaing kasangkot ang *social media.* Dagdag pa rito ay ang integrasyon sa Sining na ginawa ni T3 sa kanyang LP1 at LP2 sa bahaging Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay. Likas na may mga mag-aaral na mahiligin sa pagguhit. Sa ginawang ito ni T3, natugunan ang tiyak na pangangailangan ng mga mag-aaral upang mas mapadali ang pagkatuto sa mga konseptong pangwika. Maliban sa mga nabanggit, kakitaan din ng integrasyon sa Musika at Sining ang mga LP4 at LP5 ni T3 na nakasaad sa siping ito:

> *Ang klase ay pipili ng napupusuang Gawain na magpapakita sa kanilang kahusayan. Mga pagpipiliang Gawain: Singing Bee, Lights, Camera, Action! Isayaw Mo! At Show & Tell. (T3.LP4: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*
>
> *Gawin ng bawat pangkat ang iniatas na Gawain: TALK SHOW-Gamit ang mga pahambing na salita; MGA DIBUHISTA-Gumuhit ng dalawang bagay na Inihahambing; ARTE KOIGALAW KO! - Itanghal Ang isang linya mula sa isang pelikula gamit ang mga salitang pahambing; RAP-Bumuo ng isang maiksing awit na ginagamitan ng mga salitang naghahambing. (T3.LP5: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

Samantala sa mga banghay-aralin ni T5, nakapaloob ang ilang integrasyon sa mga gawaing panlinang na kanyang ginawa. Narito ang mga siping Gawain mula sa Pagtalakay ng Bagong Konsepto sa kanyang LP3; Paglalapat ng Aralin sa pang-araw-araw na gawain sa kanyang LP1, LP2, LP3 at LP5; at Paglinang sa Kabihasaan sa kanyang LP5:

DALUMAT
Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

*KALKYULAHIN MO: Ipabuo sa klase ang mga salita na tinutukoy ng mga ibinibigay na kahulugan sa pamamagitan ng pagkal-kyula sa math equation. Ang bawat titik ay may katumbas na numero. (T5.LP3: Pagtalakay ng Bagong Konsepto)*

Sa bahaging ito ng Pagtalakay ng Bagong Konsepto, malinaw na naipakita ang integrasyon sa Mathematics sa wika, kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magkalkyula upang makabuo ng bagong salita. Sa mga bahagi namang ito, iba-ibang paraan ng integrasyon ang ginawa ni T5:

*SHOWTIME! Bawat pangkat ay magbigay ng isang aral na mapupulot mula sa binasang akda at ipakita kung paano ito maisasabuhay sa pamamagitan ng tula, dula, awit, at rap. (T5.LP1: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

*HEAR US OUT! Bawat pangkat ay bubuo ng isang jingle na gagamitan ng iba't ibang kayarian ng salita ang paksa ng jingle ay tungkol sa kahalagahan ng kayarian ng salita. (T5.LP2: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

Ang presentasyon sa paraang tula, dula, awit, at rap ay isang teknik upang matugunan ang indibidwal na pagkakaiba sa estilo, hilig, at interes ng mga mag-aaral. Maliban sa mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang husay sa paglapat at paggamit ng wika, ang gawain ay nagdudulot din ng kasiyahan sa kanila sapagkat ito ay naaayon sa kanilang pangangailangan, at dahil dito, mas mapadali ang pagkatuto sa klase. Sa mga sipi namang ito, ipinakita rin ni T5 kung paano gawin ang integrasyon sa mas kawili-wili at kasiya-siyang paraan:

*IBAHAGI MO! Bilang kabataan sa henerasyon ngayon, ano ang inyong maimumungkahi sa mga mag-asawang nagnanais magkaroon ng anak? Gawin ito sa pamamagitan ng talk show, vlogging advertisement, spoken poetry at ambush interview. (T5.LP3: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

*LIGHTS, CAMERA, ACTION! Batay sa mensaheng nais ipahayag ng akda, ipakita kung paano niyo ito maisabuhay sa pamamagitan ng tula, maikling dula, maikling talkshow, o interview (T5.LP5: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

Habang nagbabahagi ang mga mag-aaral ng konseptong kanilang natutuhan sa wika, naipamamalas din nila ang kanilang kaalaman at kahusayan sa pagsagawa ng talk show, vlogging, advertisement, spoken poetry, ambush interview, tula, at dula. Sa pamamagitan nito, naipakikita ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa pagganap ng mga gawaing may kaugnayan sa Sining. Sa kabilang dako, kakitaan din ng integrasyon sa Sining sa LP5 ni T5 sa bahaging Paglalahat ng Aralin at LP1 sa bahaging Paglinang sa Kabihasaan. Gayundin, sa LP2, nagkaroon ng integrasyon sa Edukasyong Pampisikal at Agham Panlipunan sa LP4 sa parehong bahaging Paglinang ng Kabihasaan.

*LIKHAIN MO! Gumawa ng isang collage patungkol sa akdang binasa, pagkatapos ay gawaan ng pahayag. (T5.LP5: Paglalahat ng Aralin)*

*KULAY KO, IPAKITA MO! Magbabanggit ang guro ng kulay at kung anong kulay ang binanggit ay kailangang may maipakitang bagay ang mga mag-aaral na ganoon ang kulay. (T5.LP1: Paglinang sa Kabihasaan)*

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

> *FLIP THE PLASTIC CUP! Bawat pangkat ay pipila At bawat isa ay kailangang maipatayo ang plastic cup… ang strip na may nakasulat na tanong ay ibibigay lamang ng guro sa oras na mapatayo ang plastic cup. (T5.LP2: Paglinang sa Kabihasaan)*
>
> *IHAMBING MO! Gamit ang mga pandiwa, bumuo ng mga pangungusap na naghahambing ng sariling kultura sa Italy. (T5.LP4: Paglinang sa Kabihasaan)*

Sa mga banghay-aralin naman nina T1 at T2, ipinakita rin kung paano inilapat ang pagdulog na integrasyon gaya ng mga siping ito:

> *Bumuo ng isang pagsasadula tungkol sa isang Ilokano na pumunta sa Mindanao at nagkaroon ng pagkagulat sa mga kaugalian at tradisyon (culture shock). (T1.LP1: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

Ipinakita sa LP1 ni T1 ang integrasyon sa Social Science na may kaugnayan sa konseptong kultural. Dito, naikikintal sa isip at damdamin ng mga mag-aaral ang malaking ugnayan ng wika ng lipunan sa kanilang pang-araw-araw na gawain at buhay. Samantala, si T2 naman sa kanyang LP1, LP4, at LP5 sa parehong bahaging Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay, nakasaad ang integrasyon sa Social Science at Arts. Narito ang mga sipi mula sa mga banghay na nabanggit:

> *Paano niyo naipapakita ang paggalang sa Kultura at tradisyon ng mga kapatid nating Maranao? (T2.LP1: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay*
>
> *Iguhit sa isang buong papel ang itinuturing Mong superhero ng iyong buhay. (T2.LP4: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*
>
> *Gagawa ang mga mag-aaral ng isang slogang Nagpapakita ng mga paraan kung paano maipakikita ang kabayanihan. (T2.LP5: Paglalapat ng Aralin sa Pang-araw-araw na Buhay)*

Sa kabuoan, mahihinuhang marami sa mga guro ang naglalapat ng integrasyon sa iba't ibang gawaing nakapaloob sa kani-kanilang banghay ng pagtuturo. Ang mga integrasyong ito ay sumasaklaw rin sa iba't ibang disiplina, larangan at asignatura kung saan bahagi rin ng kabuoang kurikulum na ibinibigay sa mga mag-aaral upang makamit ang pangkalahatang hangarin ng edukasyon sa bansa.

Ang resultang ito ay may kaugnayan sa ginawang pag-aaral ni Cabigao (2021) kung saan natukoy na ang integratibong pagdulog sa pagtalakay ng kasalukyang aralin ay makabuluhan at kapaki-pakinabang sapagkat ang mga gawaing pampakatuto ay dapat na ipinapagawa ng guro nang may kasiyahan nang mapanatili ang kanilang kawilihang makisangkot sa mga gawaing pansilid-aralan. Ang pagiging masaya sa klase ay magbubunga ng ibayong kahusayan sa pagtuturo. Ang bawat mag-aaral sa silid-aralan ay may kanya-kanyang hilig, interes at antas ng kakayahan. Ang kanilang indibidwal na pagkakaiba ay nararapat mabatid ng guro upang alam niya kung paano turuan ang mga mag-aaral nang naaayon sa kanilang pangangailangan.

**Integrasyon sa Pagtataya ng Natutuhan sa Bagong Aralin.** Sa bawat plano ng pagtuturo na inihahanda ng guro, mahalagang bahagi ang mataya ang natutuhan ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang pagtuturo. Dito nalalaman ng guro kung natamo ba niya ang kanyang mga layunin sa pagtuturo upang masabi niya sa sarili niyang nagging matagumpay at mabisa ang kanyang ginawa. Karaniwan na sa mga banghay-aralin ang direktang pagbibigay ng gawaing pantupad sa mga layunin ng pagtuturo, ngunit may

iilang guro na gumagamit pa rin ng integrasyon sa pagsukat at pagtataya ng natutuhan ng mga mag-aaral sa bagong araling tinalakay. Gaya na lamang sa mga siping ito sa LP1 ni T1 at sa LP1 at LP2 ni T4:

> *Bumuo ng 10 argumento ukol sa tanong na, Facebook: Nakabubuti o nakasasama? (T1.LP1: Pagtataya ng Aralin)*

Sa LP1 ni T1, ang pagtataya lamang sa wika ay sa kasanayan ng mga mag-aaral na bumuo ng argumento, subalit ginawa niya sa pamamagitan ng pagsanib niya o pag-integreyt ng konsepto sa teknolohiya gaya ng facebook. Dito nasusukat ng guro kung sa anong antas ng kakayahan ang naabot ng mga mag-aaral sa pagsulat, gayundin, ang kanilang kakayahang tukuyin ang kaalaman kaugnay ng dulot ng teknolohiya sa kanilang buhay. Narito naman ang mga sipi mula sa LP1 at LP2 ni T4:

> *Suriin ang mga pangyayari at ang kaugnayan nito sa kasalukuyan…*
>
> *Iguhit ang larawang masaya kapag ito ay nagsasaad ng positibong pangyayari at iguhit ang larawang malungkot kapag ito ay nagsasaad ng negatibong pangyayari. (T4.LP1: Pagtataya ng Aralin)*
>
> *Ibigay ang sariling hatol tungkol sa maikling kuwentong binasa sa pamamagitan ng SHAPE YOUR UNDERSTANDING kung saan ang iba't Ibang hugis ay may hinihinging opinion mulaSa iyo. (T4.LP2: Pagtataya ng Aralin)*

Sa parehong banghay-aralin ni T4, ginawa ang integrasyon sa pamamagitan ng paggamit ng konsepto sa Arts. Sa kanyang LP1, malinaw na ang kasanayang pangwikang nais tayahin ng guro ay ang kakayahang tukuyin lamang ng mga mag-aaral kung ang pangyayari ba ay positibo o negatibo. Subalit, maliban dito, isinanib din niya sa gawain ang paguhit ng larawang masaya at larawang malungkot kung saan naipamamalas ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang lumikha ng guhit o larawan. Sa kabilang dako, sa kanyang LP2, ipinakitang ang kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto lamang ang nais tayahin ng guro sa wika, ngunit ginawa ito ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagguhit ng hugis na sumasalamain sa kanilang naunawaan.

Sa mga pagsusuring ito, napatotohanan ang gawa ni Malau-Aduli (2020) na nasabing ang pagtataya ng kasalukuyang kaalamang nalinang gamit ang interatibong pagdulog ay isang proseso ng pagtukoy sa antas ng performance at ng natutuhan ng mga mag-aaral batay sa nakuhang impormasyon at natutuhan sa aralin. Saklaw ng pagtatayang ito ang iba't ibang gawaing sumusukat ng kaalaman at kasanayang nalinang sa mga mag-aaral matapos maisagawa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagtataya, natutukoy ng guro ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral at nagiging gabay kung dapat pang ulitin ang aralin o magpatuloy na sa kasunod, upang masiguro na ang pagtuturo ay naaayon sa kanilang pangangailangan.

**Integrasyon sa Pagtataya ng Karagdagang Gawain at Kahandaan sa Kasunod na Aralin.** Matapos mataya ng guro ang natamong mga kasanayan sa isinagawang pagtuturo, nagbibigay muna siya ng karagdagang gawain o kaya ay gawaing naghahanda sa mga mag-aaral para sa kasunod na aralin. Sa mga sinuring banghay ng pagtuturo ng mga guro kalahok natuklasang ang integrasyong pagdulog ay ginamit din ng isang guro sa pagtatapos ng klase, ang pagbibigay ng takdang-aralin o kasunduan. Ang mga siping ito ay mula sa LP1, LP2, at LP4 ni T4:

> *Magsaliksik tungkol sa RA 9262: The Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004. (T4.LP1: KaragdagangGawain para sa Takdang-Aralin)*

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

> *Mag-selfie kasama ang inyong ama, tatay, daddy, papa o kahit na sinong tumatayong ama. Kung walang selfie…maaaring mag-halungkat ng mga lumang larawanat idikit sa isang malinis na papel..lagyan ito ng paliwanag. (T4.LP2: Karagdagang Gawain para sa Takdang-Aralin)*
>
> *Pagguhit at pagbuo ng slogan. (T4.LP4: Karagdagang Gawain para sa Takdang-Aralin)*

Ipinakita sa LP1 ang ginawang integrasyon wika sa Social Science. Dito mahinuhang ang RA 9262: The Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004, ay gagamitin lamang ng guro bilang lunsaran sa pagtuturo niya ng bago at kasunod na konseptong pangwika. Sa kanyang namang LP2, ginamit ang Sining upang maihanda ang mga mag-aaral sa kasunod na aralin. Ang kuhang selfie kasama ang ama o larawang ipinagupit ay planong gagamitin ng guro sa pagtalakay ng kasunod na aralin. Sa LP4 naman, nagkaroon ng integrasyon sa sining sapagkat bubuo ang mga mag-aaral ng isang slogan sa pamamagitan ng pagguhit.

Kaugnay ng natuklasang ito ang resulta rin ng isinagawang pag-aaral ni Mosqueda (2020) na kung saan binanggit niyang ang integratibong pagtataya ay maituturing na mahalagang yugto sa pagsisimula at pagtatapos ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, natutukoy ng guro ang kahandaan at layo ng kaalamang nakamit at kakayahang natutunan sa proseso ng pagkatuto at pagtuturo. Ang paghahanda sa mga mag-aaral sa kasunod na mga gawain ay mahalagang makabuluhan sa paraang maranasan ng mga mag-aaral ang holistikong paggamit ng mga kaalamang nakuha mula sa iba’t ibang disiplina. Dito higit na malinang ang malalim na kabatiran ng mga mag-aaral sa mga bagay na may malaking kaugnayan sa kanilang pang-araw-araw na karanasan at pakikibaka sa buhay.

Sa kabuuan ng pagsusuri sa lahat ng bahagi ng mga banghay-aralin, malinaw na ang **integratibong pagdulog sa pagtataya** ay isang makapangyarihang pamamaraan na nagtataguyod ng mas malalim na pagkatuto at mas mataas na antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa bawat bahagi ng banghay-aralin, mula sa layunin, mga gawain, hanggang sa pagtataya ay naipapakita kung paano pinagsasama ang iba’t ibang disiplina upang maipakita ang mas malawak na ugnayan ng kaalaman at kasanayan sa tunay na buhay.

Ang ganitong uri ng pagdulog ay nagbibigay-daan upang matasa ang iba't ibang aspekto ng kakayahan ng mag-aaral, kabilang ang kritikal na pag-iisip, malikhaing paglalapat ng natutunan, at epektibong pakikipagtulungan. Sa pamamagitan ng malinaw na integrasyon ng mga konsepto mula sa iba't ibang larangan, naipakikita na ang pagkatuto ay hindi lamang limitado sa isang aspekto kundi isang holistikong proseso na bumubuo sa kabuuang kakayahan ng isang mag-aaral.

Bukod dito, ipinakikita ng mga banghay-aralin na ang integratibong pagtataya ay hindi lamang nakatuon sa pagsukat ng resulta ng pagkatuto, kundi sa proseso ng pagbuo ng karanasan na nagpapalalim sa pag-unawa ng mag-aaral. Ito rin ay nagiging daan upang mas mailapit ang edukasyon sa mga tunay na hamon at oportunidad ng lipunan. Sa ganitong paraan, ang integratibong pagdulog ay hindi lamang tumutulong sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral, kundi pati na rin sa kanilang pagiging handa bilang makabagong indibidwal na may layuning positibong makibahagi sa lipunan.

**Pananaw ng mga Guro ukol sa Kahalagahan ng Integratibong Pagdulog sa Pagtataya ng Performance Task**

Ang integratibong pagdulog ay isang pagdulog sa pagtuturo na isinaalang-alang ng mga guro sa bawat pagpaplano sa pagtuturo na kanilang ginagawa. Sa bawat disiplinang o larangang nakapaloob sa

DALUMAT
*Pambansang Akademikong Journal sa Pananaliksik at Edukasyon*
Tomo 1, Isyu 2 (2026)
ISSN:3116-4692

kurikulum, ito ay napapalooban ng mga konsepto at kaalamang may kaugnayan sa pang-araw-araw na buhay ng mga mag-aaral. Kung kaya pinaniniwalaang ang paglinang ng kasanayan sa isang tiyak na asignatura o disiplina o hindi lamang limitado sa nilalaman nito kundi maaaring iugnay ito sa iba pang kasanayang saklaw ng iba pang disiplina. Matapos maisagawa ang pagsusuri ng mga banghay-aralin ng mga guro sa kung paano nilapat ang integratibong pagdulog sa pagtuturo, ginawan naman ng transkipsiyon ang isinagawang panayam kaugnay ng pananaw ng mga guro sa kahalagahan ng integratibong pagdulog partikular na sa pagtataya ng performance task. Ipinakita sa Talahanayan 2 ang mga nabuong tema mula sa mga nakuhang pangunahing ideya sa nasabing transkripsiyon.

**Talahanayan 2**

*Pananaw ng mga Guro ukol sa Kahalagahan ng Integratibong Pagdulog sa Pagtataya ng Performance Task*

| Mga Tema | Mga Pangunahing Ideya | Dalas ng Tugon |
|---|---|---|
| Nakakukuha ng Interes | Pagkaroon ng Interaktibo at Kawili-wiling Klase | Pangkalahatan |
| Nakalilinang ng Iba't Ibang Kasanayan | Paraan sa Lubos na Pagkatuto | Pangkalahatan |
| | Pampataas ng Kompiyansa | Pangkalahatan |
| Nakatutugon sa Pangangailangan ng Mag-aaral | Pagpamalas ng Angking Kakayahan | Pangkalahatan |
| | Pag-angkop ng Gawain sa Kasanayan | Pangkalahatan |

**Nakakukuha ng Interes**

Ang atensiyon span ng mga mag-aaral ay maikli lamang. Sa proseso ng pagtuturo, mahalagang makuha ng guro ang interes ng mga mag-aaral upang makisangkot sa mga gawaing pagpampagkatuto. Kung interesado ang mga mag-aaral at wiling-wili sa pakikilahok sa mga nagaganap sa loob ng silid-aralan, mas napapadali ang pagkatuto at nagiging epektibo ang pagtuturo na isinasagawa ng guro. Subalit, sa panahong napagtatagumpayan ng guro ang pagkuha ng interes ng mga mag-aaral, kailangan din niyang panatilihin ang kawilihang ito upang mapagtagumpayan niya ang kanyang pagtuturo. Batay sa panayam na isinagawa ukol sa pananaw ng mga guro sa kahalagahan ng integratibong pagdulog sa pagtuturo ng wika, nabuo ang temang nakakukuha ito ng interes ng mga mag-aaral. Ang temang ito ay hango rin sa pangunahing ideyang, pagkakaroon ng interaktibo at kawili-wiling klase.

**Pagkaroon ng Interaktibo at Kawili-wiling Klase.** Saklaw ng integratibong pagdulog ang iba't ibang kasanayang nalilinang mula sa iba't ibang larangan o disiplina. Bunga nito, nabibigyan ng

pagkakataon ang mga mag-aaral na maranasan ang varayti ng mga gawaing sumasaklaw rin sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral na siyang nag-uudyok ng kawilihan upang makilahok sa mga gawain sa klase. Sina P1, P3, at P4 ay nagpahayag ukol sa halaga ng paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task.

> *...nakukuha ko ang kanilang interes at mas nakikilahok sila sa ibinibigay na gawain. (P1, Linya 23-24)*
>
> *Dahil dito mas nagiging interaktibo at kawili-wili ang buong klase. (P1, Linya 28-29)*
>
> *Napansin ko rin na mas nakukuha ko ang kanilang interes kapag gumagamit ako ng integratibong pagdulog. (P3, Linya 24-25)*
>
> *...mas naging interesado ang mga mag-aaral na matuto. (P4, Linya 52)*

Malinaw na ang integratibong pagdulog ay nakapagdudulot ng kasiyahan at maging ang talakayan ay nagiging interaktibo. Sa pahayag ni P1, nadaragdagan ang interes ng mga mag-aaral na makilahok sa ibinigay na mga gawain at ayon naman kay P2 mas nakukuha niya ang interes, gayundin si P3.

Kaugnay ng resultang ito ang sinabi ni Cabigao (2021) na ang mga gawaing pampakatuto ay dapat na isinasagawa ng guro nang may kasiyahan sa serbisyo sapagkat ang pagiging masaya sa klase ay magbubunga ng ibayong kahusayan sa pagtuturo.

**Nakalilinang ng Iba't Ibang Kasanayan**

Kung ang integratibong pagdulog ay nilalapat ng guro sa kanyang pagtuturo sa wika, ang mga kasanayang nalilinang ay hindi lamang limitado sa wika kundi kahit na sa iba't ibang asignatura o disiplina. Bukod dito, naipamamalas din ng mga mag-aaral ang kanilang angkin nang kasanayan sa ibang larangan na maaaring magamit nila sa pag-aaral at pagkatuto ng wika. Sa madaling salita, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makaranas ng mga gawaing sumusubok ng kani-kanilang kakayahang hindi man nagagamit sa sang larangan subalit nagagamit naman sa ibang larangan. Sa panayam na isinagawa nabuo ang temang nakalilinang ng iba't ibang kasanayan ang integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task. Ito ay batay na rin sa mga pangunahing ideyang nakuha mula sa mga ibinahaging pananaw ng mga kalahokng guro. Ang mga ideyang ito ay paraan sa lubos na pagkatuto at pampataas ng kompiyansa.

**Paraan sa Lubos na Pagkatuto.** Katangian ng integratibong pagdulog ang pagkakaroon ng kaugnayan ng mga kasanayan sa halip na hiwalay na pagkalinang ng mga kasanayang inaasahang matamo sa isang tiyak na asignatura. Bunga nito, mas nahahasa ang kakayahan sa pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagsalang sa kanila sa iba-ibang gawain na lumilinang ng iba-iba ring kasanayan ay nagpapalalim ng kanilang pagkaintindi sa mga bagay-bagay na nagbubunga ng higit na kalinawan sa mga konseptong pinag-aaralan. Ayon sa mga gurong kalahok, ang inrtegratibong pagdulog sa pagtataya ng performans task ay isang paraan upang lubos na matuto ang mga mag-aaral. Narito ang mga ibinahaging pahayag nina P1, P3, P4, at P5.

> *...bukod sa mas lubos nilang nauunawaan ang tinalakay, nahahasa rin ang kanilang mga talento.(P1, Linya 27-28)*

> *nakatutulong ito upang maipakita ng mga mag-aaral ang kanilang kanya-kanyang kakayahan. (P3, Linya 52-53)*

Inihayag ni P1 na isang dulot ng integratibong dulog sa pagtuturo ang lubusang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa araling pinag-aralan. Bukod dito, nahahasa pa ang kanilang talent o kakayahan. Gaya rin ng sinabi ni P3, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral upang maipakita ang angking kakayahan. Kaugnay nito ang mga sinabi rin nina P4 at P5.

> *mas mabuting gumamit ng integratibong pagduog sa pagtuturo upang lumawak ang saklaw ng pagkatuto ng mga mag-aaral. (P4, Linya 21-22)*

> *Ang pag-uugnay ng mga kasanayan ang magbibigay- daan sa makabuluhang pagkatuto o mastery ng mga kasanayan. (P5, Linya 22-23)*

Napatotohanan ng mga gurong ito na mas lumalawak ang pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang integratibong pagdulog. Nagbibigay daan din ito para sa makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral sa mga konseptong pinag-aaralan. Sabi nga ni Felonia (2021) ang pagtuturo ay isang sining dahil sa pagiging malikhain ng mga guro sa kanilang pagtuturo upang makuha ang interes o kawilihan ng mga mag-aaral upang matuto lalo. Katulad ng isang pintor, manlililok o mananayaw, ang guro ay nakapagbabahgi ng kanyang kaalaman batay sa mga bahagi ng sulating nais na maituro sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng masining na paraan. Nagiging mas epektibo ang estratehiya at kagamitang pampagtuturo kapag isinasaalang-alang ang pagpili ng gagamiting pamamaraan ng pagtuturo sa mga mag-aaral. Kapag nabigyan ng kaukulang atensyon ay mapapadali at mapapagaan ang proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral at maaaring maging tulay upang mas maging mabisa ang estratehiya sa ginagamit ng isang guro.

**Pampataas ng Kompiyansa.** Kung ang mga mag-aaral ay naisasalang sa iba't ibang gawaing angkop at tumutugon sa kanilang hilig at pangangailangan, nadadagdagan ang kanilang kompiyansa sa sarili. Ang kanilang agam-agam na gawin ang isang bagay ay mawawala sapagkat mayron silang pagkakataong maipamalas ang kanilang kahusayan at galing sa isang partikular na larangan. Bunga nito, napapataas ang kanilang kompiyansa sa sarili. Patunay nito ay ang mga pahayag na ito nina P1 at P3:

> *nailalabas ng mga mag-aaral ang kanilang talento habang natututo. (P1, Linya 64-65)*

> *…mapapansin mo ang pagtaas ng kanilang kompyansa sa sarili pagdating sa paglalahad ng kanilang nalalaman sa partikular na aralin. (P1, Linya 66-68)*

> *napupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa maraming bagay dahil may mga mag-aaral na magaling sa isang bagay ngunit hindi naman sya magaling sa ibang bagay, so dahil dito maipapakita niya ang kanyang sariling kakayahan. (P3, Linya 31-34)*

Sa integratibong gamit ng mga guro, nagkakaroon ng oportunidad ang mga mag-aaral na maipakita ang kanilang talent na siyang nagpapataas ng kanilang kompiyansa sa sarili sapagkat maluwag nilang nailalahad ang kanilang mga nalalaman. Sa kabilang dako, ang mga mag-aaral ay tiyak na makaranas ng pakikilahok sa lahat ng gawain sapagkat angkop ang mga ito sa kani-kanilang kakayahan. Samakatuwid, mahihinuhang ang integratibong pagdulog sa patataya ng performance task ay nakalilinang ng tiwala at kompiyansa ng mga mag-aaral.

Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral nina Uluçınar and Dinc (2021), napag-alamang ang mga awtentikong gawaing pagganap ay nakatutulong sa paglinang ng propesyonal na pag-unlad ng mga mag-

aaral, pagbubuo ng kanilang kasanayan kaugnay ng tiwala sa sarili, komunikasyon, *self-efficacy,* interaksyon, at paggamit ng teknolohiya. Dagdag pa nila, ang mga gawaing pagganap na nakalilibang, inobatibo, nakagaganyak at impormatibo ay nakapagdadala ng makabuluhang pagkatuto sa mga mag-aaral.

**Nakatutugon sa Pangangailangan ng Mag-aaral**

Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga kasanayang sumasaklaw sa iba't ibang disiplina, ang mga mag-aaral ay nailalantad sa samut-saring gawaing tumutugon sa kanilang pangangailangan. Sakop ng mga pangangailangang ito ang kanilang kakayahang pangkaisipan, hilig o interes, at kahandaang pandamdamin. Sa simulain ng pagtuturo, ang mga gawaing pampagkatuto ay pinaplano ng guro ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral bilang sentro ng proseso ng pagbabahagi ng edukasyon at pagpapatupad ng pampaaralang kurikulum. Sa pamamagitan ng integratibong pagdulog ng pagtataya ng performance task ng mga mag-aaral, natutugunan nito ang mga nasabing pangangailangan. Isa rin sa mga nabuong tema sa isinagawang panayam ay pananaw ng mga guro na ang integratibong pagdulog ay nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ito ay nabuo batay sa mga pangunahing ideyang ito: pagpamalas ng angking kakayahan at pag-angkop ng gawain sa kasanayan.

**Pagpamalas ng Angking Kakayahan.** Batay sa mga ibinaging pahayag ng mga kalahokng guro, ang paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ay ay naglalaan sa mga mag-aaral ng pagkakataon upang maibahagi at maipakita ang kanilang angkin at taglay na kakayahan. Isang pamamaraan ito upang maiangkop sa antas ng kanilang kakayahan ang uri ng gawaing ipapatupad ng guro. Narito ang mga pahayag nina P2 at P3:

> *yong pagkakaroon ng integratibong pagdulog is para ma-cater natin lahat yong needs o pangangailangan ng mga bata. (P2, Linya 33-35)*

> *…nagkakaroon pa sila ng ibang option para lumawak pa ang kakayahan nila sa ibang bagay...syempre mas bibigyan mo sila ng iba pang opportunity tulad ng pagpasok natin ng mga subject na Math, MAPEH sa mismong aralin natin sa Filipino. . (P2, Linya 45-48)*

> *nailalabas ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahan sa pag-awit, pagsayaw, pagguhit at pag-role play. Ang mga nasabing kakayahan kasi ay may malakingbahagi sa kultura, paniniwala at tradisyon nating mga Pilipino. (P3, Linya 45-47)*

May mga mag-aaral na mahilig sa awit, sa tula, pagsasadula o kaya ay pagguhit. Sa pamamagitan ng integratibong pagdulog matugunan ng guro ang mga pangangailangang ito ng mga mag-aaral. Bukod dito, nagkakaroon din ng pag-uugnay ng mga gawain at konseptong pinag-aralan sa loob ng silid-aralan sa mga totoong karanasan ng mga mag-aaral sa labas ng paaralan. Ayon nga kay Lansangan (2020) Nararapat na nakatutulong performance tasks sa pagbibigay ng karanasan sa mga mag-aaral na batay sa totoong buhay, upang mapaibayo ang kanilang tiwala sa sarili at determinasyon, ang maging mas handa at may kakayahan bilang mga mag-aaral. Ayon naman kay P3,

> *…kung angkop sa kakayahan ang gawain…mapupukaw mo ang kanilang kakayahan, makukuha mo ang kanilang atensyon at magaganahan silang gawin ang iyong ipinapagawa. (P3, Linya 58-60)*

Para kay P3, walang pag-alinlangan ang mga mag-aaral na tumugon at makilahok sa mga gawaing ibinibigay ng guro kung gagamitan ng integratibong pagdulog. Ganadong magpamalas ng kakayahan ang mga mag-aaral sapagkat nakukuha ang kanilang atensyon at kawilihan.

**Pag-angkop ng Gawain sa Kasanayan.** Kapaki-pakinabang din para sa guro ang integratibong pagdulog sapagkat napagplanuhan nang maayos ng guro kung anong klaseng mga gawain sa pagtataya ang angkop sa mga mag-aaral. Nagiging mas madali sa guro ang pagtukoy sa paraan ng pagtatayang gagawin nang naaayon sa layuning instruksiyonal at kalikasan ng mga mag-aaral na tinuturuan. Sa kabilang dako, ibinahagi naman ito ni P2 at P4:

> *…through integratibong pagdulog may mas matatamaan o mas naaangkopan natin ng mga wastong pagtataya yong gawain o skills o competencies na dapat matutunan ng mga bata. (P2, Linya 66-69)*
>
> *mas maging malinaw ang paksang inilalahad dahil may mga mag-aaral na mas naikintal sa kanilang isipan ang mga aralin kung gagamitan ng iba't ibang perspective. (P4, Linya 27-29)*

May kani-kaniyang pananaw o perspektiba ang mga mag-aaral ukol sa mga bagay-bagay. Sa pamamagitan ng integratibong pagdulog, mas naaangkopan ng guro ang mga mag-aaral sa uri ng gawaing ibibigay sa kanila. Sa *multidisciplinary* na kurikulum, sinabi ni Klaassen (2020) na ang mga mag-aaral ay dapat na pinag-aaralan ang isang topiko mula sa iba't ibang pagtanaw ng higit sa iisang disiplina gamit ang iba't ibang pagdulog.

## Integrasyon ng Teorya at Resulta ng Pag-aaral

Ang **teoryang constructivism** ay isang pananaw sa pagkatuto na nagsasabing ang mga mag-aaral ay hindi lamang tumatanggap ng impormasyon, kundi aktibong binubuo ang kanilang kaalaman batay sa kanilang mga karanasan at interaksyon sa kapaligiran. Ayon sa teoryang ito, ang pagkatuto ay isang proseso ng konstruksyon kung saan ang mga mag-aaral ay nag-uugnay ng kanilang bagong natutuhan sa kanilang dating kaalaman upang makabuo ng mas malalim na pag-unawa. Ang **integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task** ay umaayon sa prinsipyong ito dahil binibigyang-diin nito ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pagkatuto.

Sa pamamagitan ng mga performance task, ang mga mag-aaral ay hinihikayat na gamitin ang kanilang mga natutuhan sa mga proyekto o gawain na nangangailangan ng aplikasyon ng kaalaman mula sa iba't ibang disiplina. Bukod dito, ang integratibong pagdulog ay naglalayon ding magbigay ng makabuluhang konteksto sa pagkatuto, na ayon sa constructivism, ay nakakatulong sa mag-aaral na mas madaling maunawaan ang mga konsepto. Sa ganitong paraan, ang integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ay nagsusulong ng mas aktibo, malikhain, at kontekstwal na pagkatuto.

Sa ganitong ugnayan ng constructivism at integratibong pagdulog, mas nakikita ang pagkatuto bilang isang holistikong proseso na hindi lamang nakatuon sa pagkuha ng impormasyon kundi sa tunay na pag-unawa at aplikasyon nito sa mga sitwasyong may kabuluhan sa buhay ng mag-aaral. Sa tulong ng performance tasks na dinisenyo sa paraang integratibo, nagkakaroon ng oportunidad ang mga mag-aaral na pagdugtung-dugtungin ang kanilang mga natutunan mula sa iba't ibang asignatura at gamitin ito upang

malutas ang mga suliranin, lumikha ng produkto, o makabuo ng makabuluhang pananaw. Gayundin, nagiging mas handa silang humarap sa mga tunay na hamon sa lipunan gamit ang kanilang pinag-isang kaalaman at kasanayan.

## MGA PANANAW AT IMPLIKASYON

Inilahad sa kabanatang ito ang aking sariling pananaw ukol sa resulta ng pag-aaral, implikasyon sa kasanayang pang-edukasyon, at implikasyon sa pananaliksik sa hinaharap. Matutunghayan din ang mga nabuong rekomendasyon mula sa naging resulta ng isinagawang pag-aaral.

### Pananaw

Ang integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance ay ang pinagsanib o pinag-ugnay na mga kasanayan sa iba't ibang disiplina. Sa pamamagitan ng integratibong pagdulog nagkakaroon ng kabuuang pananaw ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga kasanayan sa halip na hiwa-hiwalay na pagtuturo ng mga ito. Sa pagsusuring ginawa sa mga banghay-aralin ng mga guro sa wika, at sa isinagawang panayam sa kanila kaugnay ng kahalagahan ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ng mga mag-aaral, napagtanto kong napakamakabuluhan ng pagdulog na ito. Ang mga mag-aaral ay may individuwal na pagkakaiba sa kanilang kakayahan, gawi, hilig, at interes.

Gayunpaman, nasipat ko ring sa bawat pagtataya na ginagawa sa pagtuturo partikular na sa mga performance tasks, mahalagang makilala nang lubos ng guro ang kanyang mga mag-aaral. Ang pag-aangkop ng mga gawain ay naaayon sa uri ng mga mag-aaral na siyang sentro ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Kung angkop ang mga gawaing ibinibigay, magkakaroon ng kasiya-siyang klase, ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok, at mas napapadali ang pagkatuto.

### Implikasyon para sa mga Kasanayan sa Edukasyon

Batay sa natuksan sa pag-aaral, may malaking tulong ang paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ng mga mag-aaral. Mabisang pamamaraan ang pagdulog na ito lalo na sa mga klase na heterogenous kung saan magkahalo ang mahihina at magagaling na mga mag-aaral na may iba-iba ring hilig at interes at kagulangang pangkaisipan, pandamdamin, at pampisikal. Maliban sa na interaktibo ang proseso ng pagtuturo, nagkakaroon pa ng kawilihan ang mga mag-aaral sa lahat n gawain, mas lubos ang pagkatuto, at mas lumalawak ang mga kasanayang nalilinang. Ang mga ma ay makapagpapamalas ng kani-kanilang angking kakayahan at talento sa iba't ibang larangan nang walang pag-alinlangan sapagkat ang gawain ay naaayon sa kanilang gusto at kakayahan. Kung nagaganap ito, masasabing makabuluhan at mabisa ang pagpapatupad ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Gayunpaman, may malaki rin itong implikasyon sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga guro dahil ang pag-aaral na ito ay magsisilbing saligan sa pagtuturo ng wika gamit ang integratibong pagdulog. Napapalawak dito ang kaalaman at kamalayan ng mga guro sa wika sa kahalagahan at gamit ng bawat pagdulog at pamamaraan sa pagtuturo. Napapalahana nito ang guro na ang isang partikular na dulog sa pagtuturo ay nasusukat lamang ang kabisaan kapag nagkaroon na ng pagtataya sa *performance* ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Kung kaya, maging makilatis ang mga guro sa kaangkupan ng dulog at mga gawaing ibinibigay sa mga mag-aaral. Ang kaangkupan sa kanilang pangangailangan habang pinaplano ang gawain sa pagkatuto ay higit na mabisa para sa makabuluhang pagtuturo.

ISSN:3116-4692

**Implikasyon para sa mga Pananaliksik sa Hinaharap**

Marami sa mga mananaliksik ang patuloy sa pag-aaral sa kung ano-anong estratehiya ang higit na mabisa para sa lubos na pagkatuto ng mga mag-aaral at mabisang pagtuturo ng guro. Ito ay nagiging kapaki-pakinabang lalo na sa pagpapatupad ng kurikulum sa lahat ng antas ng pag-aaral. Marami nang mga dulog at estratehiya ang natuklasang mabisa at makabuluhan. Habang nagbabago ang panahon, nagbabago rin ang interes at hilig ng mga mag-aaral. Kasunod nito ay ang pagbabago naman ng mga estratehiya at dulog sa pagtuturo na ipinapatupad ng mga guro. Ang kabisaan din ng isang dulog ay nakasalalay sa magiginbg resulta ng pagtataya na ginagawa ng guro bago matapos ang pagkaklase. Ang isang dulog ay maaaring mabisa sa isang partikular na grupo ng mga mag-aaral ngunit hindi naman ito mabisa kung gamitin sa ibang grupo. Ang isang hamon na lamang sa pagtuturo ng mga guro ay kung paano isinakatuparan ang isang dulog o estratehiya na napiling angkop na gamitin sa klase. Gaya ng sa kasalukuyang pag-aaral na nakatuon sa mga paaraan ng paggamit ng mga guro ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance tasks ng mga mag-aaral gayundin ang pananaw ng mga gurong ito sa halaga ng nasabing pagdulog. Para sa pananaliksik sa hinaharap, ang iba pang aspekto kaugnay ng integratibong pagdulog ay maaaring maimbestigahan, o kaya ay pipili ng iba pang dulog o estraterhiya na maaaaring maging potensiyal na paksa para sa gagawing pananaliksik.

**Mga Rekomendasyon**

Batay sa mga resulta ng isinagawang pag-aaral, aking inirerekomenda ang sumusunod:

Sa Department of Education, maaari nila itong maging batayan upang mapaigting pa ang paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtuturo at pagtataya ng mga guro.

Sa Holy Trinity College of General Santos City, maaaring maging gabay nila itong pag-aaral sa mga programa at mga pagsasanay sa mga guro kaugnay ng mga pedagohiya sa pagtuturo.

Ang mga namumuno sa paaralan ay hinihikayat na magpatuloy sa paggabay at pagsuporta sa mga guro sa hangaring mapaunlad ang kakayahan at kasanayan sa mga kalikasan ng mga dulog at pamamaraan sa pagtuturo. Ang propesyonal na pag-unlad ng guro ay malaking impak sa uring edukasyong maibigay sa mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Kaya, ang bagay na ito ay laging isaalang-alang kung ang hangad ay magkaroon ng de-kalidad na edukasyon.

Mas paigtingin pa ng mga guro sa wika ang paggamit ng integratibong pagdulog lalo na sa pagtataya ng performance tasks ng mga mag-aaral. Ang natuklasang kapakinabangan ng pagdulog na ito ay maaari nilang gawing patnubay upang higit na maintihan ang kalikasan ng isang dulog at sa kung kailan at paano ito ilalapat sa pagpaplano ng mga banghay ng pagtuturo.

Maaaring matugunan din ang pangangailangan sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsulong ng isang inobatibong paraan ng pagtataya.

Ang mga magulang ay maaaring patuloy na magbigay ng suporta lalo na sa mga pangangailangan ng kanilang mga anak sa paaralan. May mga gawain sa klase na nangangailangan ng partisipasyon ng magulang lalo na kung kailangan ng kagamitan o materyal sa pagganap ng gawain na iaatas sa mga mag-aaral. Maaari ring gawing gabay ang resulta ng pag-aaral sa kanila upang lubos na maintindihan ang mga ginagawa ng guro para sa kanilang mga anak.

Bilang mananaliksik, mas magiging epektibo rin ang pagtuturo ko dahil sa kinalabasan ng pag-aaral na ito. Maaari kong gamitin ang pamamaraan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Maaari rin itong maging batayan ng iba pang mananaliksik at mananaliksik sa hinaharap sa kanilang gagawin pang pag-aaral upang makatuklas ng mga bagong pamamaraan na maaaring magamit sa pagtuturo ng mga guro.

**Pangwakas na Pahayag**

Ang pagtuturo ng wika ay hindi madali bilang isang guro. Isa itong malaking hamon na kailangan nating bigyan ng pokus at atensiyon partikular na sa paglalapat ng dulog at estratehiya. Laging isaisip na ang pagkatuto ng mga mag-aaral at ang paghubog ng kanilang katauhan ay nakasalalay sa mga gurong nagtuturo sa kanila. Ang kakulangan sa kaalaman upang gawin ang isang bagay ay maituring na isang kahinaan sapagkat sinumang magtuturo kapag walang alam ay wala ring maituro o kung mayroon mang maiturong kaalaman ay hindi naman nito kabisado ang pamamaraan ng pagtuturo na masasabing mabisa at epektibo. Laging tandaan na sa bawat pagtatayang ginagawa ng guro sa *performance* ng mga mag-aaral, ang magiging bunga nito ay nakasalalay sa kung paano ipinatupad ng guro ang bawat hakbang habang isinasagawa ang pagtuturo. Mahalaga ring mabatid ng guro ang halaga ng inilapat na dulog at estratehiya sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto upang maging maingat siya sa mga pagpaplano ng mga gawaing kanyang ipapatupad sa klase. Higit sa lahat, sa bawat paghahanda ng banghay ng pagtuturo, laging isaalang-alang ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ang paggamit ng integratibong pagdulog sa pagtataya ng performance task ay nakatutulong sa pagbibigay ng mas malalim at mas komprehensibong pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paglalapit ng iba't ibang disiplina at pamamaraan, nagiging mas komprehensibo ang pagtukoy sa kanilang pag-unlad at kasanayan. Dahil dito, naipapakita hindi lamang ang resulta ng kanilang pagkatuto kundi pati na rin ang kanilang proseso sa pagganap, na mahalaga sa paghubog ng mga mag-aaral na may kritikal na pag-iisip at malikhaing pagdedesisyon.

Bilang isang mananaliksik, magagamit ko ang pag-aaral na ito sa aking pagtuturo ng wika at panitikan sa paaralan. Gagamitin ko ang pananaliksik na ito upang maibahagi sa mga mag-aaral ang kapakinabangang dulot ng dulog integratibo lalo na sa pagtataya ng kanilang performance tasks. Hihimukin ko rin ang mga mag-aaral na makisangkot sa mga gawaing pampagkatuto na ipinapatupad ng kanilang guro at ipaintindi sa kanila ang halaga nito para sa kanilang akademikong pag-unlad.

Sa aking isinagawang pananaliksik, maraming mga aral ang napagtanto at natutuhan na ipinapangako kong gagamitin upang maging isang mahusay, magaling at epektibong guro sa mga mag-aaral na umaasa sa akin. Nariyan ang mga balakid at hamon ngunit lahat ng ito ay naaagapan at napagtatagumpayan. Sa mga naranasang pagsubok, matatag na humarap, lumaban at naging matibay. Ang mga panahong inilaan, ipinakita ang pagiging positibo, dedikasyon, at determinasyong matapos at makamtan ang mithiin. Ang mga aral at pagpapahalaga na aking natutuhan at mga karanasang aking nakuha ay magiging gabay at patnubay ko sa hinaharap.

**TALASANGGUNIAN**

Adom, D., Mensah, J. A., & Dake, D. A. (2020). Test, measurement, and evaluation: Understanding and use of the concepts in education. International Journal of Evaluation and Research in Education,9(1), 109–119. https://doi.org/10.11591/ijere.v9i1.20457

Albay, M., & Esima, S. (2021). Program outcomes assessment method for multi- academic accreditation bodies: Computer science program as a case study. International Journal of Emerging Technologies in Learning, 12(5), 23–35. https://doi.org/10.3991/ijet.v12i05.6410

Berelson, B. (1952). Content Analysis in Communication Research. Free Press.

Birenbaum, M. (2022). Evaluating the Assessment: Sources of Evidence for Quality Assurance. Studies in Educational Evaluation, 33(1), 29–49. https://doi.org/10.1016/j.stueduc.2007.01.004

Bowen, G. A. (2009). Document analysis as a qualitative research method. Qualitative Research Journal, 9(2), 27–40.

Brinke, D., & Kester, L. (2020). Assessment quality in tertiary education: An integrative literature review. Studies in Educational Evaluation, 55, 94–116

Brualdi, A. (2020), Implementing performance assessment in the classroom',

Practical Assessment, Research & Evaluation, 6(2).

Buendia, B. C. (2024). Integratibong Dulog sa Pagtuturo at Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa at Kasnaya sa Pagsulat ng mga Mag-aaral: ISSN: 2704-3010. Volume V, Issue IV. Available online at https://www.instabrightgazette.com

Cabigao, J. R. (2021). School-Based Assessment Framework Version 2.0 (The New Normal). International Journal of Multidisciplinary Research Review. Volume 5. 106-108. https://www.researchgate.net/publication/349463546_ School-Based_Assessment_Framework_Version_20_The_New_Normal

Creswell, J. (2012). Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches. SAGE Publications, Inc.

Creswell, J. W., & Cresswell, D. J. (2007). Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches (2nd ed.). SAGE Publications, Inc.

Department of Education. (2016). DepEd Order No. 42, s. 2016: Policy guidelines on daily lesson preparation for the K to 12 basic education program. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/2016/06/17/do-42-s-2016-policy-guidelines-on-daily-lesson-preparation-for-the-k-to-12-basic-education-program/

Fabian, A. (2022). Ang kurikulum sa filipino batayan ng pagtuturo sa sekondari 2. Halaw mula sa https://www.academia.edu/35849570/Ang_kurikulum_sa_filipino_batayan_ng_pagtuturo_sa_sekondari_2_1_

Felonia, M. (2021). Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya. Halaw mula sa https://www.researchgate.net/publication/353543257_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Fleming, J. (2018). Ethical considerations in work-integrated learning research: Informed consent, voluntary participation, data privacy, and sensitivity to diversity. Asia-Pacific Journal of Cooperative Education, 19(3), 195–206.

Gibson, N. (2023). TheQualityoftheInterviewA step-by-step guide to qualitative data analysis. A Journal of Aboriginal and Indigenous Community Health, 1(1), 64–90.

Grant, F., & Thompson, P. (2020). Formative Assessment: Balancing Educational Effectiveness and Resource Efficiency. Journal for Education in the Built Environment, 5(2), 4–24.

Javier, J. (2021). Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya.

Klaassen, R. G. (2020) Interdisciplinary education: a case study', European Journal of Engineering Education. Halaw mula sa https://doi.org/10.1080/03043797.2018.1442417>.

Kippers, W. B. (2021). A systematic review of prerequisites for implementing assessment for learning in classroom practice. Educational Research Review, 17, 50–62.

Krippendorff, H. (2018). Content Analysis: An Introduction to Its Methodology (4th ed.). SAGE Publications.

Lansangan, J. (2020). Performance task: a prerequisite task to k-12 learners. Halaw mula https://www.pressreader.com/philippines/sunstar-pampanga/20180116/281621010742626

Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic inquiry. Sage Publications.

Malau-Aduli, B. (2020). Exploring the Impact of Assessment on Medical Students 'Learning. Assessment and Evaluation in Higher Education, 45(1), 109–124.

Marollano, H. (2021). Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino. International Journal of Research Studies in Education 11(6: DOI:10.5861/ijrse.2022.186

Mosqueda, E. (2020). Teacher Assessment and the Assessment of Students with Diverse Learning Needs. Review of Research in Education, 39(1), 87–121. 71.

Phothongsunan, S. (2020). Student and teacher engagement in Learning and assessment with portfolios. Cypriot Journal of Educational Sciences, 15(6), 1569–1573.

Piaget, J. (1973). To Understand is to Invent: The Future of Education.

Polkinghorne, D. E. (1989). Phenomenological research methods. In R. S. Valle & S. Halling (Eds.), Existential-phenomenological perspectives in psychology: Exploring the breadth of human experience (pp. 41–60). New York: Plenum Press.

Spanella, L. (2021). Assessment as a vital component of the learning process. Journal of Educational Practice, 12(3), 45–52.

Uluçınar, P., & Dinc, H. (2021). International trends in the implementation of assessment for learning: Implications for policy and practice. Policy Futures in Education, 13(1), 117–140.